Minsan, pinagsisisihan ni Jordan na naging kaibigan si Eunice, na gaya niya ay anak din ng nagbabantay sa palaisdaan. Taga-Malabon talaga si Eunice, transferee sa kanilang paaralan noong school year na iyon. Nagkakatulad sila sa maraming pagkakataon gaya ng hindi pagsali sa mga scout-scout at pagiging anak nga ng bantay sa palaisdaan. Ilang pagkakataon ding nagkita sila ni Eunice sa pondohan ng isda para samahan ang kanilang magulang na makipag-usap sa mga konsignasyon. Kasabay niya laging kumain ang kakkaseng babae, nagkakapareho sila minsan ng baon na tanghalian sa paaralan: pritong itlog o tilapya o daing na bangus na nakapababaw sa kanin. Kung magkaiba ang kanilang ulam, nagsasalo sila. Nang magbertdey si Eunice, siya lamang ang palihim nitong inilibre ng Magnum na sorbetes at saka maliit na lata ng imported na potato chips. Hindi inubos ni Jordan ang tsitsirya dahil gusto niyang ipatikim sa kaniyang kapatid ang manipis na manipis na kutkutin. Pinag-ipunan rin ni Jordan ang pambili ng mahal na sorbetes at potato chips na iyon matapos niyang matikman nang ilibre. Mahigit isang buwan ang pagitan ng kanilang kaarawan. Mahigit isang buwan niyang pinag-ipunan, mamiso o dos kada araw, para mabuo ang mahigit sandaang pisong halaga ng tig-isa nilang sorbetes at imported na potato chips sa lata na mabibili lamang sa tindahang pag-aari ng principal na katabi halos ng paaralan. Gusto niyang bilhin ang malaking lata ng potato chips na imported pero sadyang kukulangin ang kaunting naipon niya. Gusto niyang magsawa siya kasama si Millet at Eunice sa manipis na kutkutin. Pinagsisihan niyang naging kaibigan si Eunice dahil mistulang siya ang magiging mabigat na dahilan para mabigat niyang ihakbang ang paa palayo sa Salambao. Pero si Eunice din naman kasi ang nagpapasaya sa kaniya at sa kaniyang kapatid na si Millet sa mga pagkakataong wala silang kasama sa kubo dahil nag-iikot sa palaisdaan ang kaniyang ama-amahan at

nagtatalaksan ng gulaman ang kaniyang ina. Madadaan si Eunice sa kubo at magbibigay ng ice candy o ng pinaglumaang manyika o damit kay Millet dahil dalawang nakatatandang lalaki ang kapatid ng kaklase at kaibigan ni Jordan.

Pareho silang walang balak sumama sa field trip. Katwiran ni Eunice, narating na niya ang Star City. Oo nga't hindi pa siya nakarating sa pabrika ng instant noodles o sa sinasabing museo pero sapat na raw ang nakahihilong karanasan niya sa Star City. Hindi siya sanay sa aircon na sasakyan, lalo pa ang bus na may iba't ibang amoy sa loob. Si Jordan, isa lang ang dahilan ng hindi pagsama sa field trip, wala silang pera.

Walang ibang pinagsabihan si Jordan tungkol sa nawawalang bracelet. Walang ibang nakaalam na aalis na sila sa Salambao patungo sa malayong Cardona. Doon na raw siya magpapatuloy ng pag-aaral. Tungkol din daw sa dagat—lawa ng Laguna talaga—ang ikabubuhay nilang mag-iina, ang kumuha ng susong kakainin ng mga itikan sa Cardona. Si Eunice, baka daw sa mismong bayan ng Obando na mag-aral, sa Colegio de San Pascual Baylon, ang pinakamalapit at pinakamalaking pribadong paaralan sa lugar nila. Doon lang mag-e-entrance exam si Eunice. Doon din nag-aaral ang kaniyang kuya at diko. Isa pa, gusto daw ng kaniyang mga magulang na sa high school pinapalakad ng madre at pari mag-aral silang magkapatid. Doon na nakatali ang kaniyang iniisip na pasukan.

Katulong ni Jordan si Eunice sa pagbuo ng kung ano talaga ang totoong istorya nang mawala ang bracelet. Si Eunice ang nagtatanong, ang nag-susuri. Si Jordan ang nagbibigay ng detalye. Pakiramdam nilang dalawa, detective silang tumutugis sa isang tagong kayamanan, na totoo namang kayamanan dahil makapal ang gintong alahas ni Boss Billy. May papel pa silang ginuhitan kung nasaan ang mga landmark na maaaring kinahulugan ng bracelet. Naroon ang kubo, ang bomba ng tubig, ang daungan ng bangka, ang matandang punong bakawan kung saan sila mismong nag-inuman, kung saan nagharutan. Nakasulat kung anong oras ang high tide at low tide buhat sa malaking kalendaryong nakapako sa dingding na plywood ng kubo. Kasabay ng pagguhit-guhit at pagsulat-sulat ang interogasyon ni Eunice kay Jordan.

“Paano mo natiyak na suot?”

“Eh lagi n’yang suot ‘yun kahit na sumasamsam ng lambat o nagbubuhat ng banyera.”



“Baka hindi n’ya suot nung gabi.”

“Imposible.”

“Hindi kaya hinubad?”

“Bakit huhubarin?”

“Malay mo, nangawit. Hindi kaya ninanakaw?”

“Walang nanakaw, e di dapat sana umalis na yung nagnakaw, e sila-sila lang dun.”

“Baka tinangay na ng agos?”

“Mabigat ‘yun, makapal, babaon ‘yun pero di matatangay.”

“Sige, sana makita mo, para makasama ka rin sa field trip.”

“Sana nga, saka kelangan din namin ‘yun, paalis na kami.”

Ngayon ang ikalawang araw ng paghahanap ni Jordan sa gintong bracelet. Kahapon, sa loob mismo ng palaisdaan nangapa si Jordan. Wala. Malayo-layo ang narating niya sa pangangapa. Sinimulan niya sa lugar na hindi aakalain ng sinuman na may hinahanap siya. Dahan-dahan, habang nakahuhuli ng tilapya, palapit siya nang palapit sa lugar ng palaisdaang inakala nila Boss Billy na kinahulugan ng kaniyang alahas. Wala. Lumagpas pa siya sa pag-aakalang inanod ang alahas, wala. Kinapa niya ang mga talik-tik sa gilid ng pilapil na sakop ng palaisdaan, wala rin.

Umahon siya bandang alas-diyes ng umaga. Nilinisan ang mga nahuling tilapya, inihaw habang si Aling Mely ay nasa gitna ng barangay at nag-iipon ng gulaman na papakyawin ng isang mangangalakal na taga-Navotas. Sandaang piso ang kikitain ng kaniyang ina. Nang makaihaw, sinabayan niyang kumain si Millet. Inasikaso ang gamit ng batang kapatid. Mag-aala-una nang muling pumasok si Millet sa paaralan.

“Pag may humanap sa ‘kin, sabihin mo, nangangapa.”

“Hinanap ka ni Ate Eunice kanina, Kuya. Di ko alam na nangangapa ka.”

Kahit hindi naniniwala si Jordan na sa loob mismo ng malawak na palaisdaang binubuwisan ni Boss Billy nawala ang bracelet, tinapos ni Jordan ang gilid ng mahabang pilapil na kahangga ng ilog. Halos naikot din niya ang lawak ng palaisdaan. Wala. Maraming tilapya, may mangilan-ngilang hipong suwahe at ayungin, pero walang bracelet, walang alahas. Hindi bale, may ulam naman sila hanggang Linggo.

Kaya sa mismong ilog, sa pilapil na kahangga ng palaisdaan siya nag-simula ngayon. Tinasa ni Jordan ang nangyari. Kung saan patungo ang kati ng tubig noong dumating si Boss Billy at mga kasama nito, kung saan malakas ang agos. Kung saan lulubog ang makapal na alahas, kung may tulos bang kakapitan ang alahas, kung may bakawang may malalabay na ugat ang sasabitan.

Hindi lamang kamay ang gumagana sa pangangapa ni Jordan. Pati ang mga payat na paang halos ay nagpadupilas sa kaniya sa ginagawa niyang paghawi ng magalas na putik sa ilalim. Salat, tapak, lubog, tapak, salat. Hindi na halos pansinin ni Jordan ang nakakapang isdang naglulungga sa mga tulos at taliktik. Mahapdi na ang kaniyang palad sa tama ng palikpik ng pumupusag na tilapya, liwalo, at ayungin. May sapat na silang ulam. Hindi na halos pansinin ni Jordan ang mahapding gasgas ng mumunting tahong sa taliktik ng ilog, ng taliptip na kumapit sa tulos. Hindi na rin niya alintana ang hapdi ng sikat na araw sa kaniyang batok, ang lagkit ng tubig na sumasaboy sa naluluto niyang balat. Sinasabayan ng sisid ni Jordan ang pangangapa kung malalim para ibaon ang kamay at paa. Sa ilalim ng tubig, pabukaka siyang kumakapa sa magalas na burak. Bahagyang umuusad patungo sa kawayang daungan ng bangka.

Malapad ang tatlong pasimano ng daungang yari sa kawayan, malalaki ang posteng puno ng buli na binili pa sa Laguna. Inihanda talaga upang maging matibay na haligi, tuntungan, at talian ng bangka. Sinuri ni Jordan ang paligid ng daungan. Malalim ang putik sa ilalim. Maraming nakakapit na patay na tahong. Makapal na rin ang lumot sa ilalim ng sahig na inaabot ng high tide. Binuhay ni Jordan sa kaniyang isip kung paano dumaong ang bangka noong gabing iyon. Saan maaaring itinali ng bangkero ang daong ng bangka? Saan unang humakbang si Boss Billy sa daungan? Ano ang in-unang paa, kanan o kaliwa? Saan kumapit na barandilya? Paano itinawid si Ma'am Beverly mula sa bangka? Binuhat kaya ang syota o tumalon nang nakakapit sa braso ni Boss Billy? Ginahak ni Jordan ang putik sa ilalim at pali-paligid ng daungan. Wala. Nilaliman pa niyang lalo ang kapa, wala. Siniyasat niya ang mga taliktik na kawayan sa paligid, pawang tumigas na putik at natuyong tahong at lumot sa lambat. Wala ang kinang na hanap niya. Hinimas niya ang poste sanga ng punong buli, subyang ang napala ng kaniyang palad.

Inisa-isa ni Jordan ang mga singit-singit ng kawayan sa ilalim, pataas

hanggang sa mismong sahi ng daungan. Nabanaagan niya ang maliit na maliit na kinang. Hindi maikakailang ang bracelet. Balot ng putik bukod sa maliit, gatusok ng aspileng liit, na kinang nang tamaan ng panghapong araw. Madilaw na kinang. Nanginginig na inabot ni Jordan ang bracelet. Balot nga sa natuyo at nanigas na putik. Ibinabad niya sa tubig ng ilog, kinuskos. Bumalik ang brilyo. Mabigat sa hipo. Nangilid ang luha ni Jordan. Para siyang naghihina. Tinimbang-timbang niya sa palad ang kadenang ginto. Ganoon pala ang tunay na alahas. Umahon siyang nakakuyom sa palad ang bracelet. Hindi niya gustong ipaubaya sa kaniyang bulsa ang alahas na kaytagal niyang hinanap, kaytagal nilang pinagplanuhan ni Eunice.

Kinalunesan, ipinagtapat niya kay Eunice ang natagpuang kayamanan. Dalawa lang ang tanong ni Eunice, paano ibebenta? O kung isasauli ba niya kay Boss Billy? Nilinaw ni Jordan ang bilin ni Boss Billy sa lahat ng makaririnig nang gabing mawala ang alahas: ang makakita, kaniya na. Ang higit na pinag-isipan ni Jordan ay kung paano magiging pera ang alahas. Gusto niyang maging pera nang maibayad na kay Misis Magdangal ang para sa field trip, at ang siguradong malaking sosobra sa mapagbibilhan ay ibibigay niya sa kaniyang ina. Siguradong matutuwa ang kaniyang ina. Makabibili ng gamit nila ni Millet. Makabibili ng kaldero, kawali, sandok, mga kutsara at plato at baso. Ang gamit nila sa kusina sa kubo ay iiwan nila dahil kay Boss Billy ang lahat ng iyon. Na gagamitin na ni Mang Sandro at ng kaniyang pamilya. Makakabili na rin ng damit ang kaniyang ina, maibibili siya ng pantalon, ng bagong uniporme. Baka nga makabili pa nga ng materyales para sa ipatatayo nilang bahay sa Cardona. O baka makabili pa nga ng buong bahay dahil talagang mabigat ang alahas!

“Pero baka magalit nanay mo, baka ipasauli sa ‘yo?’”

“Hindi, matutuwa pa nga ‘yun,” pagtitiyak ni Jordan sa kaibigan.

“E pa’no mo nga ibebenta?”

Naririnig lamang ni Jordan sa usapan ng kaniyang ama-amahan at ni Boss Billy ang sabungan sa Dampalit. Narinig niya ang tungkol sa kung sinong sugarol na nang mapagtatalo ay nagsangla ng kung ano-ano sa sanglaan sa loob mismo ng sabungan. Sa kanila narinig ni Jordan na may sanglaan ang bawat sabungan para sa mga sugarol na nagigipit. Bawat sabungan. Pero hindi dapat sa malalapit na sabungan kaya malabo niyang

maibenta ito sa Malanday at Dampalit. May malaking tsansang may makita siyang taga-Salambao. At kung talagang mamalasin, baka mismong si Boss Billy ang makita niya. Kaya nagdesisyon si Jordan na sa Sabadong darat-ing, pupunta siya ng sabungan sa Del Monte sa Malabon, iyong malapit sa Monumento para isang sakay lang sa dyipni buhat sa Obando. Bahala na. Wala naman sigurong makakilala sa kaniya. Kapag naibenta niya sa Sabado ang alahas, eksaktong Lunes ay mababayaran niya ang field trip na magaganap ng Biyernes.

Nanghiram si Jordan ng sandaang piso sa ipon ni Eunice. Nagdalawang isip ang kaibigan sa pangahas na hakbang na ito. Noon lamang maglalabas si Eunice ng perang walang katiyakan kung babalik pa sa kaniya. Paano kung mawala ang alahas? Paano kung makita ni Aling Mely at pinilit ipasauli kay Boss Billy? Paano kung mahuli mismo ni Boss Billy si Jordan sa sabungan?

“Sige kung duda ka, ‘wag na lang,” alumpihit din si Jordan. Wala siyang alam na pagkukuhanan ng pera. Mahaba-habang pangangapa ng ayungin at tilapya ang gagawin niya maitaguyod lang ang halagang kailanganin bilang pamasaha sa Sabado. Umabsent na siya ng nagdaang Biyernes, makakahalata na ang kaniya ina dahil may sapat naman silang pang-ulam. Naroon nga’t nakayelo pa sa cooler ang mga tilapya at liwalong nahuli niya ng magkasunod na araw. “Pwede rin namang maglakad ako.”

“Alam mo ba kung ga’no kalayo ang Monumento?” pag-aalala ni Eunice. “Baka kahit isang araw mong lakarin ‘yun di ka mangalahate.”

“E wala e,” kibit ni Jordan. Hindi niya makita ang posibilidad na maibebenta iyon sa ibang sanglaan sa bayan. Paghihinalaan siya. Hahanapan ng kasamang matanda. Hindi niya basta-basta maibebenta sa kung sinong may pera sa pondohan. Oo nga’t maraming milyonaryo doon lalo na iyong mga may-ari ng konsignasyon o mamamakyaw, pero tiyak na tiyak na may makakakilala sa kaniya. Hindi katulad kung sa sabungan, sa malayong sabungan, pwede ngang ibenta ang alahas dahil maaaring nahihiya ang sugarol kaya ayaw magpakita. O kaya, hindi mapuknat sa pagsasabong kaya walang panahong humarap sa sanglaan. Sasabihin lang niyang alalay siya ng isang sugarol. O pwede ring pamangkin. Palalakin niya ang kaniyang boses para magtunog matanda. Poporma siya na parang sanay na sanay na sa sabungan. Madali na ang hitsura, matangkad si Jordan sa karaniwang grade six. Maraming taghiyawat. Mabuto pero may umbok na ng laman

ang katawan. May kaha na. Ibinulong niya sa sarili ang simulang linya: “Magkano ‘to? Binebenta ng tito ko. Bilis, lalaban na ‘yung manok namin.”

“Sige pero siguraduhin mong ibabalik mo ha, lagot ako sa kuya ko,” naroon pa rin ang pagdududa ni Eunice sa kaibigan. Pero nadaig ng pagpapahalaga at tiwala.

“Nabili ko nga yung sorbetes nung bertdey ko, tanda mo? Ipon lang ‘yun.”

“Iba noon, may tatay ka.”

Ganoon pala. Parang lahat ng makita niya sa loob ng bakuran ng sabungan paghinalaan niyang si Boss Billy o si Mang Sandro. Parang lahat kamukha ng dalawang tao na pinakakaiwas-iwasan ni Jordan. Parang lahat ay may kahawig na taga-Salambao. Parang lahat ay nakita na niya sa pondohan sa Obando. Parang lahat ay nakatingin sa kaniya at nagtataka kung bakit siya nasa loob ng bakuran ng sabungan. Kinubabawan ng hinala si Jordan noong Sabado ng hapong iyon na ibebenta niya ang bracelet. Nasa loob iyon ng kaniyang lumang pantalon. Nakadukot ang kaliwang kamay niya sa bulsa bilang proteksyon, mahirap na, baka mawala uli. Kaya nanlalagkit na sa pawis ang kaliwang kamay niyang ito na hindi inaalís sa pagkakadukot sa pantalon.

Maingay. Naglisaw-lisaw ang mga sabungero. Kailangan niyang kumilos na parang sanay na sanay na. Hindi dapat siya parang tatanga-tanga. Pero hindi makita ni Jordan ang sanglaan. O kung may sanglaan nga ba?

“Kuya, sa’n na nga ‘yung sanglaan?” nilapitan niya ang isang akala ni Jordan ay hindi nalalayo sa kaniya ang edad. Kibit-balikat ang isinagot. Halos hindi tumingin sa kaniya ang tinanong. Tuloy-tuloy lang sa paglakad papasok sa mismong gusali na pinaggagawaan ng sabong. Ang maingay na gusali.

“Tata, eskyusmi po, sa’n nga po ‘yung sanglaan dito?” may kausap ang halos kaedaran ng ama-amahan niya. Pinili talaga niya ang medyo maputi para hindi talaga taga-Salambao, hindi taga-pondohan, hindi mangingisda sa Obando. Hindi rin siya tiningnan ng tinanong. Tuloy-tuloy lang sa pakikipaghuntahan. Puro tungkol sa sabong ang pinagsasasabi. Akala ni Jordan, hindi na siya sasagutin kaya nagsimula na siyang humakbang palayo sa pinagtanungan.

“Du’n Totoy. Kita mo yung nakaupo sa malapit sa pinto? Yung matandang ubanin na may kahon sa gilid, ‘yun ‘yun. Mang Jose pangalan.” Nakaturo ang pinagtanungan ni Jordan sa gawi ng pinto ng sabungan. Bahagya nang ipinaling ang ulo.

“Salamat, Tata.”

Tinimbang-timbang sa palad. Sinilip ang pagkagawa. Ikiniskis sa kung anong batong itim ang alahas. Bago ibinalik ni Mang Jose kay Jordan.

“Peke. Tubog lang ‘to,” malamig na siwalat ni Mang Jose.

“Hindi ho pwedeng peke ‘yan, hindi ho magsusuot si Boss Bill...”

Muling kinuha ni Mang Jose ang bracelet. Muling sinipat-sipat.

“Akala ko ba tito mo ang may-ari, bakit ngayon boss mo na?”

“Si Boss din ho, si tito, saka si Boss...”

“Ninakaw mo ‘to ‘no?” sabad ni Mang Jose. Nanlamig si Jordan. Natahimik. Naghanap ng isasagot. Dalawang bagsak ng pangit na balita. Peke ang alahas, tapos ay pinagbintangan siyang magnanakaw. “Ano, hindi ka nakasagot, ninakaw mo ‘to ‘no?”

“Hindi po!” napiyok si Jordan sa pagsisikap na palakihin ang boses. Sa pagsisikap na ipaliwanag.

“Ano, boss mo ba o tito mo? Ano ba talaga?”

“Boss.”

“E bakit hindi siya magbenta nito mismo, bakit ikaw?”

“Nasa loob nga po, ilalaban ang manok ngayon.”

“Hindi nga, kilala ko lahat ng nasa loob,” tinitigan ni Mang Jose si Jordan, sinusukat ang kuwento. Hinihintay ngang umamin na gawa-gawa lang ang kuwento, na amining ninakaw nga ang alahas na hawak-hawak ngayon ng matandang ubanin. “Ano aamin ka na? Maraming pulis dyan ngayon, hindi nga lang nakauniporme.”

“Wag na lang ho,” akhang kukuhanin ni Jordan sa kamay ng matanda ang bracelet. Kinuyom ni Mang Jose sa palad ang alahas.

“Peke pero maganda pagkaka-peke. Bibilhin ko.”

“Ho? Magkano ho?”

“Six hundred, ibibigay ko lang ‘to sa anak ko. Ipatutubog ko muna uli.”

“Ho? ‘Wag na lang ho.” Akmang kukunin ni Jordan kay Mang Jose ang bracelet. Itinikom ni Mang Jose, inilayo kay Jordan. “Akin na po, wag na lang po.”

“May mga pulis akong kaibigan d’yan,” itinuro ng kuyom na kamay ang loob ng sabungan. “Alam kong hindi sa ‘yo ‘to. Sige ka.”

Sa kubo noong gabi ring iyon, binibilang-bilang ni Jordan ang mahigit limandaang pisong nasa higaan niya. Limang dadaanin, isang singkuwenta, at mga baryang sukli ng kaniyang pamasaha nang balikan sa Malabon at pagkain ng isang cupcake at juice na nasa tetrapack. Tulog na ang kaniyang nanay at kapatid. Naiilawan lamang ang kaniyang sulok ng bombilyang de-diyes. Itinabi niya ang isang sandaan para bayaran ang utang kay Eunice. Hindi niya alam ang gagawin sa natitirang pera.

Siguradong uusisain ng kaniyang ina ang pinaggalingan ng pera kapag iniabot ni Jordan. Wala siyang maisip na pwedeng panggalingan. Pwede niyang amining galing sa pinagbilhan sa pekeng alahas. Pero baka magalit si Aling Mely. Baka ikuwento kay Boss Billy, at kapag nalamang nabili lamang sa halagang six hundred, magalit. Magwala. Dahil ang paniniwala pa rin ni Jordan, hindi magsusuot ng pekeng alahas si Boss Billy. Baka bigla silang palayasin. Wala pa ang report card nilang magkapatid. Hindi pa sila makakaalis. Malabo nang sumama siya sa field trip. Kulang ang pera at hindi siya pwedeng manghingi ng pandagdag. Inisip ni Jordan na ilihim na lang. Dahan-dahang gastusin kapag nasa Cardona na sila. Pero bago iyon, itinabi niya ang sandaang piso ulit para bilhin ang malaking lata ng imported na potato chips para sa kanilang magkapatid. At kay Eunice. Kung kailan nila ito kakainin, hindi pa alam ni Jordan.

Lumipas ang field trip. Nakumbinsi ni Eunice na hindi na siya sumama. Mas naging madali ang pagpayag ng kaniyang magulang nang sipunin siya at magkasinat noong araw na magbabayad na kay Misis Magdangal.

Marso at katatapos lang ng fourth periodical test ng mga magtatapos sa elementarya. Maraming araw na halos pumupunta na lang sa paaralan si Jordan kahit wala nang masyadong ginagawa kundi ang magkuwentuhan at mag-ensayo para sa graduation ceremony. Inaya ni Jordan si Eunice na sumama sa field trip nilang mag-iina sa laot kinahapunan sakay ng bangka ni Boss Billy. Si Mang Alonso ang bangkero. Umalis sila bago mag-alas kuwatro at nakarating sa laot, sa mismong lugar kung saan nawala si Mang

Miyas. Sa laot na pamilyar na si Jordan. Wala na ang init ng araw. Banayad na hangin na lamang ng tag-araw ang dumadampi sa kanila habang inuugoy-ugoy ng bangka. Inilabas ni Jordan ang kaniyang baon, mga tsitsirya. Itinanghal ang isang mataas na lata ng potato chips na pinagsaluhan nila sa bangka. Pakiusap ni Jordan, hintayin ang pagdilim bago sila umalis sa laot, bago sila bumalik sa Sapang Tukul. Tinunghayan ni Jordan ang nagliliwanag na lungsod. Itinuro niya kay Eunice ang mga dahilan kung bakit siya nagpapunta sa laot.



# Pag-ibig sa Panahon ng All-out War

---

Jack Alvarez

“**B**ayot! Bayot! Bayot!” Naririnig kong panunukso sa akin ng mga kaklase.

Nakaramdam ako ng hiya. Naiyak ako. Tinakbo ko ang isang napakalawak na maisan papalayo sa kanila. Sa di kalayuan, bago ko marating ang daang pakanan sa barangay road, nadaanan ko ang isang barracks. Naririnig ko ang ilang sundalo sa loob ng kanilang kuta. Sumilip ako. At nang makita ako ng isang sundalo, tinawag ako at pinapasok sa loob.

Sa isang solong upuan, nakaupo ang isang kalbong lalaki. Malalaki ang mga braso. Parang iyong nakikita ko sa TV na nagri-wrestling ang kanyang katawan.

“*Oh, naa man diay kitay bisita!*” Pahayag ng katabi ng lalaking nakaupo sa harapan na tila nagulat nang iharap ako bilang isang panauhin.

Nakayuko ako. Tila nangingimi.

Lumapit ang kalbong lalaki sa akin. Naunang nagpakilala ang beer sa kaniyang hininga. Mainit ang kanyang palad na lumapat sa aking batok. Hinimas. Inabot sa akin ang isang baso.

Umiling ako.

“*Mirinda man na.*” Sinipat ko ang hawak niyang baso. Kulay-dalandan ang laman. “*Nganong nakaabot man ka diri sa baraks namo? Layo ra man ang dalan papauli sa inyo.*” Itinanong ng kanyang katabi kung bakit ako napunta sa kampo nila gayong malayo ito sa daan pauwi sa amin at malimit

na dinadaan ng mga taga-baryo.

“Bossing, anak na sa taga-DENR.” Pahayag ng isa tungkol sa trabaho ni Papa.

“Ganun ba? Sino do’n? Yung astig?” Kumunot ang noo nito sa nalaman.

Hindi siya taga-Mindanao. Hindi siya taga-Cagayan de Oro. Nagta-Tagalog. Karamihan kasi sa mga nadestinong sundalo sa amin, lalo na matataas ang ranggo, ay mula sa Maynila.

“Sa Bukidnon man ‘yun na-assign, bossing.” Sumubok mag-Tagalog ang isa. “Pero matagal na yun. Wala nay balita man.”

Tumango-tango ang lalaking kalbo. “Ilang trailer truck ba ang pinahuli nun? Ilan ang pinakulong?”

“Hindi daw yun tumatanggap ng *padanlog*, bossing.” Tila nagsusumbong na sabi nito nakadilat pa ang mga mata. “Ano nga pala sa Tagalog ang *padanlog*?” Dugtong-tanong nito nang maisip na hindi Tagalog ang nabanggit. At naningkit na ang mga mata na pilit hinahanap ang tamang salita.

“Under the table. Pampadulas.” Pagkaklaro ng kasama.

“Saan na pala ang tatay mo?” Tanong ng lalaking kalbo.

Umiling ako. Hindi ko rin alam. Ilang beses ko na ring naitanong kay Mama ang tungkol kay Papa. Inubos ko ang laman ng baso at nagpaalam na ako. Ngunit inabot niya ang isa pang baso. Mapanghi ang laman. Mas mabula sa nauna kong ininom.

Lampas sa aking ulo ang bakod ng kanilang barracks. May patongpatong na sako ng buhangin, mga bato at napapalibutan ng barb wire. Nagbabakasali akong may makakita man lang sa akin, na kakilala o kaklase ko. Naduduwal ako.

“Pila na imong edad?” Ang tanong ng may nakasukbit na .45 sa beywang kung ilang taon na ako.

Napayuko lang ako.

“Siguro, sweet sixteen!” At naghalakhakan ang nakapalibot.

“Tuli ka na ba?” Tanong uli ng lalaki.

Nakaramdam ako ng hiya. Isa iyan sa mga hindi ko nais marinig na tanong. Pag supot raw, hindi lang mapanghi. Kundi bakla.

“Dili tuli. Pisot diay.” Diin ng lalaking laging nakabuntot sa kalbo. Muli, narinig ko ang tawanan.

“Gusto pa nimo?” Ang alok ng may hawak ng beer.

Napaluha na ako. Ilan ba sila? Siguro anim, pito, walo o sampu. Hindi ko mabilang. Hindi ko kayang iangat ang aking mukha. Hindi ko sila mat-ingnan nang mata sa mata.

“Siguro, natatakot lang yan sa *imo*, bossing.” Tukso ng isang pilit mag-Tagalog. At nagtawanan sila.

Dali-dali kong tinakbo ang pinto. Tumakbo ako papalayo. Iyong takot ng isang ibong pipit na nang makawala sa hawla’y nagsikhay lumipad. Tila hinahabol ako ng kanilang halakhakan. Nang maramdaman ko ang abot-hiningang hingal ko, tumigil ako.

“Pssst... Pssst... Pssst...” Mahina ngunit sunod-sunod na sitsit mula sa likuran.

Nilingon ko. Unipormadong lalaki. Naka-camouflage. Hindi ako sigurado kung kasama siya sa grupo kanina. Sandali akong tumigil sa lakad-takbo. Inakbayan ako ng lalaki. Hinila niya ako. Para akong ibong nadagit ng mas malaking ibon. Doon ko na naramdaman ang kanyang lakas. Kung papalag ako, mababali ang aking braso. O kaya basag ang aking bungo, hindi sa tigas ng kanyang kamao kundi sa kanyang armas. Amoy-pulbura ang palad niyang nakatakip sa aking bunganga. Hindi ko sinubukang sumigaw. O umungol o magmakaawa kung saan man akong hawla isadlak. Nalaglag ang bitbit kong bag, at naibaba niya ang aking pantalon. Dali-dali niyang hinubad ang kanyang camouflage sa gitna ng talahiban. Napakapit ako sa nakalapag niyang M16 sa gilid. Sintigas iyon sa labas-pasok sa aking kalamnan. At tuluyan siyang nag-anyong aso habang umalulong sa aking likuran.

\*\*\*

Napagkamalan akong dalagita sa panahong iyon. Ngunit hindi ako iniwan ng sundalo pagkatapos niyang magpunas sa kakahugot lang niyang armas sa aking likuran. Nagbihis siya ng kanyang fatigue uniform. Pagkatapos, tinulungan niya akong bumangon. Naaamoy ko pa ang beer sa kanyang hininga, sa kanyang bawat buntong-hininga. Nakadapa ako’t nakayuko. Tulad ng mga damong ligaw sa palibot na nadaganan ng combat shoes. Ayoko

nang bihisan ang aking kahubdan. Nais kong lamunin na lang ng talahiban.

“Halika na...” Pabulong niyang wika.

Nagta-Tagalog siya. Naisip ko. Taga-saan kaya ang sundalong ito. Isa yata ito sa mga ipinadala ni Erap nang magdeklara siya ng all-out war sa MILF at Abu Sayyaf. Karamihan sa mga nadestinong army sa aming lugar ay hindi mga taga-Mindanao.

“Huwag kang matakot.” Iyon ang lagi kong naririnig na wika nila, ng mga tulad niya.

Hindi ko pa rin tiningnan ang kausap. Nakatitig lang ako sa aking bag na naging kakampi ko’t yakap ko nang mahigpit. Parang nais kong isilid doon ang aking pagkatao. Pagkatapos idadako ko ang mga mata sa aking mga palad na nakakuyom, ibubuka ko nang ilang sandali. Nais kong magbilang para patayin ang paglipas pa ng ilang oras. At nais kong tubuan ng matutulis na kuko upang kahigin ang lupa’t doon maghukay nang maghukay hanggang sa lamunin ako ng mga ugat, ng mga uod sa ilalim ng lupa. Sa aking mga paang nangalambre na parang buntot ng tutubing binalian ng pakpak na walang humpay sa pagkawag kanina, ngayo’y di ko na magawang igo. Pinunasan niya ang aking mukha, leeg, siko at tuhod. Kumapit roon ang lupa na tila kakabungal lang ng aking mga kuko sa daliri. Lumitaw ang gasgas sa aking tuhod. Binuksan niya ang nakasukbit na canteen sa kanyang tagiliran. Binuhusan ng tubig ang aking sugat. Napangiwi ako. Hinaplos niya ang aking buhok. Naramdaman ko uli ang kanyang mainit na palad.

“Sandali lang ‘to.” Pabulong niyang wika uli.

Kumuha siya ng dahon ng hagonoy. Iyong luntian na halaman na kaniwang tumutubo kasama ang mga talahib. Sabi ng titser namin, maraming pangalan ang hagonoy. Ilan sa mga katawagan ay Siam weed. Siam na dating pangalan ng Thailand. Christmas bush na hindi naman pwedeng gawing Christmas décor. Camphur grass. Common floss flower. At devil weed, baka ito ang mas angkop, naisip ko. Ni hindi nga ito kayang ngasabin ng hayop. Nakakalason. Pero nakakagamot ng sugat.

Nagdidilim na ang paligid. Lumalambong sa damuhan ang anino ng dapithapon. Nagsimula nang dumapo ang mga lamok sa akin. Isa-isa kong pinapatay. Hanggang sa sunud-sunod na pagtampal ko sa aking braso, pisngi, sa paa, at sa kung saan ko nais idapo ang aking mga palad. Pinigilan niya ako.

“Umuwi na tayo.” Mahinahon pa rin niyang wika habang pinipigilan ang aking dalawang kamay. Hinubad niya ang kanyang jacket. Ipinatong sa aking balikat. Iginiya niya akong humakbang papalayo sa damuhan. Inihatid niya ako sa bahay. Naroon si Mama. Sinalubong ako at nagtataka kung bakit ginabi ako ng uwi. Niyaya niya sa loob ang sundalo. Hindi ito tumanggi. Nang maupo na ito sa sala, inabot ko sa may-ari ang kanyang jacket.

“Sir, salamat kaayo.” Si Mama.

“Walang anuman po.”

“Ay, Tagalog ka pala.” Nasa kusina ang aking ina na nagmamadaling nagtimpla ng kape. “Kailan ka lang dito nadestino?” Usisa ni Mama.

Naupo ako sa kama. Pinagmumunihan ang mga galos sa kamay, tuhod at paa. Nais kong tanungin si Mama na di man lang ako tinanong kung okay lang ako sa mga oras na iyon.

At pagkalapag ng tasa sa lamiseta sumunod noon ay in-offer na ni Mama ang kanyang services mula manicure, pedicure, footspa at gupit. May discount pa nga raw lalo na sa mga sundalo na nadestino sa aming barangay. Package agad ang inalok ni Mama. Nagpa-schedule naman ang sundalo, bukas ng umaga.

Hindi ko na hinintay ang sundalo na magpaalam o wala akong pakialam kung basta na lang siya aalis. Naupo ako sa toilet bowl. Pinipilit kong ilabas, pinipiga ang kung anong merong madulas, parang lunaw sa loob ng aking puwet. Dahan-dahan kong hinugasan ng tubig. Para akong nagdidilig ng isang bubot na bulaklak. O ng isang kasisibol lang na halaman. Dahan-dahan ang pagbinyag. Natatakot akong maluluoy. Natatakot akong malalanta.

“*Nanamilit na siya.*” Narinig kong sabi ni Mama na nagpaalam na raw ang sundalo. Kasunod ang pagkalansing ng binanlawang plato, baso, kutsara’t tinidor sa banggerahan.

Tumingala ako at kagat-labing pumikit. Nais kong pakawalan ang nararamdaman kong nakakapit sa akin. Gusto kong baklasin ang malagkit na likidong tila nanunuot sa aking laman. Binuksan ko ang gripo. Hinayaan kong umapaw ang balde. At nang bumuhos ang tubig sa sementadong sahirg ng banyo, pumatak ang dugo sa inidoro. Sinabayan ko ng ilang malalalim na buntong-hininga. At pinakawalan ko ang isang tahimik na pagluha.

*“Tan-awa kinsa’y nanuktok.”* Utos ni Mama na tingnan ko raw kung sino ang kumakatok nang umagang iyon. Abala siya sa paglilinis ng kanyang mga gamit, pagbababad ng pushers at nipper sa mainit na tubig na may hinalong alcohol, pagpapatuyo ng towel at iba pang gamit pang-foots-pa. Katatapos lang niyang mag-mani-pedi sa kanyang unang kliyente.

Tulad ng paghihintay ko sa pag-uwi ni Papa. Agad akong sisilip sa bintana. Dudungaw. Patay na ang ingay ng makina ng 4x4 truck na malamang ay sinakyan ng dumating. Nakaparada ito sa tapat.

Ang mga katok na iyon ay tila pamilyar sa akin. Dahil ang mga katok na iyon ay tila katok sa aking dibdib. Binuksan ko. Hindi nga ako maaaring magkamali.

Isang matikas, matangkad at matipunong sundalo ang bumungad sa akin sa pinto. Bago siya naupo, inabot niya sa akin ang isang supot ng plastic bag. *“Hetong gamot para sa ‘yo.”*

Halos di ko maiangat ang aking kamay upang abutin ang hawak niya. *“May binili na rin si Mama. Pero salamat.”* Naroon ang isang set ng first aid kit, may mefenamic at antibiotic ointment, betadine at iba pang gamot. Hindi naman malaki ang sugat ko, siguro kung tatanungin niya ako, may mas mahapdi pa. Kahit sa aking simpleng pag-upo at paglakad ay nararamdaman ko ang kirot sa loob.

*“Kumusta ka na?”* Napalingingon ako sa bandang kusina. Papalabas na si Mama.

*“Okey lang ako.”*

Pinisil niya ang aking balikat bago ako tumalikod para tulungan si Mama sa pagbitbit ng mga gamit.

Inalok ni Mama ng kape ang bisita. Agad naman akong tumungo sa kusina para magtimpla. Hindi ko kinuha ang pinakamakintab ng tasa na nakareserba sa mga bisita tulad ng aming nakasanayan. Inabot ko ang nakabalot sa plastic. Iyon ang tasa ni Papa. Iyon ang pinakaiingatan ko sa lahat ng kubyertos sa aming bahay. Isa iyon sa pinakamamahal ko. Maingat kong binuksan ang balot. Para akong nagbukas ng isang regalo. Pinunasan ko nang maayos. Pinaikot ko ang puting towel sa gilid ng bunganga ng mug, sa pakurbang hugis na hawakan nito hanggang sa dulo. Isinunod ko ang sau-

cer. Inangat ko't itinapat sa silaw ng araw na sumuot sa siwang ng dingding. Sinigurado kong walang alikabok na nakakapit roon. Tinitigan ko, animo'y may mga kwento akong nais silipin sa bawat kurba at guhit. Pumapailanlang sa banggera ang alimuom ng kumukulong tubig sa takure. Sinidlan ko ng tatlong kutsaritang kape at isa't kalahating takal ng asukal ang tasa. Pagkatapos, kumalansing ang malungkot na taginting ng kutsarita habang tinitimpla ang mga sandali ng una naming pagkakakilala.

\*\*\*

Nalalanghap ko ang aroma ng kape. Mas masarap at mas nakaka-relax kaysa foot conditioner na kasalukuyang ibinubudbod ni Mama sa foot-spa machine. Inabot ko sa bisita ang tasa. Habang matiyagang pinupunasan ni Mama ang kanyang mga paa. Napansin ko ang kanyang combat shoes sa gilid. Umiikot-ikot si Nora. Ikinikiskis ang mabalahibong katawan nito. Kinikilala ang may-ari ng sapatos. Nilapitan ko ang aming alaga. Binuhat ko at sabay binitbit ko na rin ang sapatos. Alam kong sinundan ako ng tingin ng may-ari ng combat shoes.

Muli, may kumatok sa pinto. Narinig ko na lang ang malambing na boses ni Mama. Tiyak ko na kung sino ang dumating. Ang kanyang pinakapaboritong customer, ang pulis. Na alam ko ring may iba pang serbisyong inaalok si Mama. Inabot ko ang shoe polish, ang brush at pamunas. Naroon din ang dalawang pares ng sapatos ni Papa sa ilalim ng kama. Makikintab pa rin ito. Walang alikabok. Ngunit parang mga tuod pala ang sapatos na matagal nang walang nagsusuot. Pumuwesto ako sa bangkito at sinimulan kong pakintabin ang sapatos ng sundalo.

\*\*\*

Bakla nga siguro ako't di ko kayang panindigan ang aking sarili para ipamukha ko sa pulis na 'yun na hindi ko siya gustong maging boyfriend ng Mama ko. Hindi pa ako nakaranas magkuyom. Hindi ko pa nasusubukang itiklop ang aking mga palad at iangat ang aking kamao.

Ang naalala kong gamit ng palad, ng kamao na kasukat ng ating puso ay nang turuan ako ng sundalo sa pagmu-multiply gamit ang mga daliri.

Six, ang hinliliit. Seven, palasinsingan. Eight, ang hinlalato. Nine, hintuturo. At pagtatagpuin mo ang magkabilang daliri batay sa numero na katumbas nito.

“Ilan na ang napatay mo?” Tanong ko habang abala sa pagbibilang at mina-master ang itinuro niyang teknik sa matematika.

Tahimik siyang pinagmamasdan ang galaw ng aking mga daliri. “Bakit mo naitanong?” Pahayag niya pagkalipas ng ilang sandali.

“6 times 8. 8 times 9. 9 times 6.” Pagmu-multiply ko.”Gusto ko lang malaman.”

Sinapo niya ang aking magkabilang palad. Iginuhit niya roon ang bilog.

Tanaw namin sa di kalayuan ang nagsisiuwang mga mambubukid. Papalubog na ang araw. Oras na ng pagpapahinga. At malalayo pa ang kani-kanilang bahay. Hindi lang ang pag-aagaw-dilim ang hudyat na dapat sila’y makauwi na, na dapat sila’y nasa kani-kanilang tahanan na. Kundi ang mahigpit na implementasyon ng curfew.

Naikuwento ko sa kanya, iyong isang matandang magsasaka. Mga nasa singkwenta anyos na. Hinarang at ininspeksyon ng mga sundalo sa kasagsagan ng curfew. Nakasukbit ang itak sa kanyang beywang, pasan-pasan ang isang sako.

“Sir, sir, sir...” nginig na boses ng magsasaka.

Bulag na saksi ang malamlam na liwanag ng buwan. Hindi makatarungan ang karimlan ng gabi. At mapanghusga ang mga mata ng ilaw ng flashlight. Parang kislap ng dugo ang naghalong pawis at luha na nagbahid sa kanyang marusing na damit. At dahil sa takot, lalong nanginig ang matanda. Ni hindi ito makasagot kahit pangalan niya.

“Duguan ka! Duguan ka!” Sigaw ng sundalong nakatutok ang rifle nito sa mukha ng kausap. Paniniguro sa hinihinalang nagmantsa sa kasuotan ng matanda. “Ano ‘to? Ano ‘to?” Habang sinisipa nito’t pinabubuksan ang nakahandusay na sako sa gilid.

“Sir, sir, sir...” Tanging nasasambit lang niya.

Pinayuko. Pinaluhod. Nasa batok ang magkabilang kamay. At nang sabihan siyang itaas ang mga braso, itinaas rin niya ang kanyang itak.

Nadatnan ng umaga ang naghalong dugo at ang malagkit na dagta ng isang sakong saging sa suot na mantsadong t-shirt at kupas na pantalon ng



matandang magsasaka.

Nakahimlay ang bangkay sa harap ng barangay hall. Bilang pagdadalamhati at pakikiisa ng mga baranggay opisyal, sila ang gumastos sa punerarya at sa pagpapalibing. May mga nakaposteng sundalo sa lamay. May mga dumalaw na mahihinuhang opisyal ng militar dahil unipormado ito't kumikinang ang nameplate sa dibdib. Nag-alay ng koronang may nakalalay na pangalan nila at ng kanilang pamilya. Isang karaniwang magsasaka ang nasa kabaong ngunit pinuno ang buong plasa ng mga taga-baryo. Kahit wala ni isang nagtanong kung kaninong bala ang bumaon sa katawan ng napatay. Parang bulong iyon ng hangin. Sapat nang senyales para sa kanila. Tikom ang bibig ng mga kamag-anak. Dahil hindi lang biskwit at kape ang inabot ni Barangay Kapitan kundi may isang puting sobre at limang araw na pakikiramay.

Pagsapit uli ng dilim, tila hiyaw ng halimaw ang pag-alingawngaw ng sirena ng patrol. Nakakapangilabot ang hudyat ng curfew. Sana wala nang susunod pang lamay ng isang magsasaka, iyon lamang ang kanilang panalangin. At sana, manatiling ang mga bahid sa kanilang damit, sa kanilang katawan ay mantsa lamang ng saging at ng kanilang mga pananim.

\*\*\*

Muli, binabato ako ng panunukso ng ilan sa aking mga kaklase. Uwan noon. Hindi ko iniwasan ang kanilang grupo. Tuluy-tuloy lang ako sa paglalakad.

*"Bayot! Bayot! Bayot!"* Mas masakit pa sa pukol ng bato ang mga katagang iyon.

Huminto ako sa paglalakad. Sa di kalayuan, naririnig ko ang papalapit na chant at mga yabag ng mga nagjo-jogging na mga sundalo. At sa likuran ang papalapit na sigaw ng isa sa pinakahambog sa aming klase.

Ito na ba ang kamao? Ito na ba ang hudyat ng paglaban?

Sinagi niya ang aking balikat. At sinundan ko iyon ng suntok. Nakailag siya. Mabilis ang kanyang galaw. Naririnig ko pa ang tawanan ng mga nakapalibot sa amin. Nanginig ako. At sinapo ko na lamang ang aking mukha. Sunud-sunod ang kanyang suntok. Parang mga batong ipinukol sa akin sabay ng sigawan. Napaluhod ako. Karamay ko uli ang aking bag. Nag-

takbuhan na sila palayo sa akin.

Naupo ako sa nakausling ugat ng santol. Inayos ko ang aking sarili. Nagkunwari akong nangunguha ng mga nangalaglag na prutas. Nilingon ko ang platoon na dadaan. Nakita ko siya sa unahan. Ang sundalo na nagbigay lakas sa aking hindi mapangiwi. At magkunwaring hindi ako nasuntok sa mukha. Bumagal ang pag-inog ng aking mundo. Sa suot niyang camouflage muscle shirt na nananalaytay ang pawis mula noo hanggang paa. Napadako ang paningin ko sa kanyang shorts. Sa nakaumbok doon. Sinlaki ng hawak kong hinog na santol. At sa naramdamang hiya sa sarili, bahagya kong iniyuko ang aking ulo. Nagnakaw siya ng tingin bago tuluyang lumagpas ang kanilang grupo. Nagtatanong ang mga mata sa nakitang isang talunan. Naramdaman ko ang hapdi nang umihip ang hangin sa aking mukha. Nang kapain ko, may galos ang aking pisngi. Mas lalo akong yumuko upang itago ang aking mukha. At ikinubli ko ang aking sarili sa likod ng puno. Ayo-kong umuwing luhaan at magsusumbong kay Mama. Minabuti kong hindi mapansin niya. Panakaw akong pumasok ng bahay. Ngunit wala roon si Mama. Siguro, may home service. Dumiretso ako sa banyo para maligo at mahugasan ang ilang galos sa mukha't kamay at ang natuyong luha kanina. Nakakamanhid ang lamig ng tubig. Isang ligo lang, parang naglaho na ang naramdamang takot kanina. Ngunit naroon pa rin ang kimkim na poot. Hindi ko man isiping maghiganti dahil alam kong hindi ko kayang labanan ang aking kalaban. Sapat na sa aking humarap ako sa kanilang panunukso. At sigurado akong mauulit pa iyon.

Tumapat ang ugong ng makina ng sasakyan sa aming bahay. Narito siya. Ang sundalo.

Bukas ang pinto. Parang alam rin nitong may darating. Parang umaasas rin na papasok ang bisitang inaasahan.

“Kumusta?” Nakatuon ang mga mata nito sa nababakas na pula sa aking pisngi.

Hindi ako kumibo. Naramdaman ko pa rin ang hiya. Hiya na alam kong alam niyang nakipag-away ako.

“Normal lang yan sa kabataan na tulad mo.” Nagbibigay katatagan ang kanyang boses.

Hindi pa rin ako kumibo. Naisip ko, normal lang din bang tawagin akong bayot? Na sigaw-sigawan akong bakla at pagtawanan?

Nakalimutan kong itimpla siya ng kape. Naupo lang ako sa tabi niya.

Naaamoy ko pa ang natitirang pawis sa kanyang katawan. Hinaplos niya ang aking mukha. Parang pagpapatahan ng kirot. Hindi ko napigilang umiyak. Nakaramdam ako ng kakampi. Gusto ko nga rin itanong sana kung nandoon siya sa mga sandaling iyon ay ipagtatanggol ba niya ako. Ngunit parang napakaduwig ko na. Talunan na nga't tinatawag pang bakla ay duwig pa. Mas kahiya-hiya iyon. Naikuwento na rin niyang mahilig din siyang makipag-away noon sa kapwa bata, sa kanyang mga kaklase. Ipinakita pa nga niya ang kanyang pilat sa kaliwang braso. Kaya nga raw noon gustong-gusto niyang magsundalo para raw ipagtatanggol niya ang kaniyang sarili. Sinundan niya iyon ng seryosong tawa. Hindi pala. Ibang pagtatanggol pala ang papasukan niya. At mas mabigat sa naisip niyang dahilan noon.

“Hindi lang sa pagkukuwenta nagagamit ang kamay. Ngayon, nasubukan mo na ang iyong kamao. Marami pang gamit ang mga kamay,” wika niya.

At naramdaman ko na lang nasa kandungan na niya ang aking palad na nagpapatotoo sa kanyang huling pahayag.

\*\*\*

Iyon ding mga panahong nakikita kong nakadantay ang mga kamay ni Mama sa hita ng pulis. Minsan sinilip ko sila sa kwarto. Kung hindi footspa at masahe, ano pa kaya ang kanilang gagawin? Matiyaga kong binutasan ang manipis na plywood na siyang nakaharang sa maliit naming sala at nagiisang silid-tulugan. Nang nasa likod-bahay ako, naririnig ko pa ang buo nilang boses. Hanggang sa halinghing. Hanggang sa pabulong. Hanggang sa ungol. Naglakad akong parang pusa nang pumasok sa sala. Hinawi ang kurtina at ang butas na madadaan lamang ng langgam ay tila telebisyon na nagbukas sa isang palabas. Naramdaman ko ang pagkalat ng init sa aking buong katawan. Bumilis ang sikdo ng aking dibdib. Nanlagkit ang aking laway. Sinlagkit iyon ng natapon na cutex sa aking palad nang subukan kong lagyan ng kulay ang aking mga kuko. At kapag mahantad sa init o kaya mahanginan, agad natutuyo. Tikom-bibig akong sumubaybay sa nagaganap sa kuwarto. Para silang mga sawa na naghuhunos. Parang maruruming damit na hinayaang mangalaglag sa sahig ang saplot nila sa katawan.

Tinalikuran ko ang nakikita nang marinig ang pagngiyaw ni Nora. Nilawayan ng pusa ang kanyang sarili. Lumabas ako ng bahay. Naglakad

ako nang naglakad hanggang sa marating ko ang barracks. Nasaan kaya siya? Nasaan kaya ang sundalo. Pumuwesto ako sa damuhang nakaharap sa labahan at banyo ng barracks. Natatanaw ko ang ilang kasamahan niyang mga sundalo. Iyong iba ay naglalaba samantala iyong iba ay naliligo. Gumapang ako sa nakalatag na carabao grass upang mas malapitan ko ang kinaroonan nila. Hubo't hubad ang ilan sa kanila. Sa bawat haplos ng kanilang mga palad na pinapadulas ng sabon, tila nanunuot ang init ng araw sa aking laman. Mas mainit. Ngunit hindi nakakapaso. Nananalaytay iyon sa aking kaugatan.

Ilang sandali pa, narinig ko ang sigaw. Parang may binubugaw na hayop sa damuhan. At papalapit ito sa aking kinukublihan. Nagsuot ako sa talahiban ngunit mabilis akong sinunggaban ng malalakas na braso. Inangat ang aking mukha. Nakangisi ito. Tinanong kung ano'ng ginagawa ko sa gitna ng damuhan.

*"Salbahis ning bayota ni!"* Pagmumura ng lalaking hawak ang aking braso.

Tinawag ang ilang kasama. Nagsilapitan sila. Nandidiri ang halakhakan na iyon. Nandidiri ang pagtawag sa aking bayot. Bahagyang itinaas ang aking t-shirt. Lumitaw ang aking katawan. "Walay bra man!" Habang nilalamas ang aking dibdib.

Kinukult naman ng isa ang aking shorts. Ibinababa.

"Ano'ng kulay ng panty?" Tukso ng isa nilang kasama. At sinundan iyon ng tawanan.

"Bitawan mo siya." Saway ng papalapit na sundalo.

Nagpumiglas ako nang marinig ang boses. Pamilyar na boses. Hinanap ko ang pinaggalingan ng boses na iyon. Ipagtatanggol ba ako? Ito na yata ang napapanood ko sa betamax na pelikula ni FPJ. Naghahalakhakan ang mga lalaking nakapalibot sa isang babaeng sumasayaw sa ledge. Sumasabay sa giling ang disco ball. Naglalandian ang makukulay na ilaw na gumagapang sa hubo't hubad na katawan ng mananayaw. Patay-sinding mga bombilya. Parang kumukurap-kurap sa nasasaksihan. Darating si Fernando Poe Jr. Huhubarin ang suot na jacket. Ibabalabal sa nakaladlad na katawan ng kanyang minamahal. Aakayin pababa ng stage ang babae. Magrereklamo't magsisigaw ang karamihang manonood. Masasakal ang hawak na bote ng beer, ingungod sa ashtray ang hinihit na yosi ng ilang kalalakihan. Magmumura ang mga manyakis. Pagkatapos...

Hinablod ng papalapit na sundalo ang kamaong pumipigil sa akin. Nakawala ako. Sinundan iyon ng sunud-sunod na palitan ng suntok. Narinig ko na lang ang sigawan ng mga nakapalibot sa dalawa. Parang may sabong. Sandali kong nilingon at tuluyan na akong tumakbo palayo. Hindi ko alintana ang pagkatusok ng aking balat sa matutulis na tinik ng halamang makahiya. Nangungutya ang palahaw ng mga uwak sa himpapawid. Tirik ang araw na nakamasid sa akin at tila galit na galit. Mahahapdi ang kapit ng mga kogon sa aking kamay at braso. Pinunit ng nakausling sanga ng bayabas ang aking damit. Tumakbo ako nang tumakbo palayo.

\*\*\*

Alam niya kung saan ako pupuntahan pagkatapos ng pangyayari. Alam kong susundan niya ako. Naupo ako sa lilim ng isang kubo. Tuyo na ang luha ko nang makarating siya. Mas mabuti na rin iyong hindi niya ako nadatnang umiiyak. Bakla lang ang umiiyak, sabi nila. Pero mali raw iyon, sabi niya.

“Puwede ba akong sumama sa ‘yo?’” tanong ko na kahit alam kong sasagutin niya akong hindi.

“Marami ka pang kakaining bigas.” Isang napakakaraniwang sagot ng mga mas matatanda sa kausap na akala nilang kailangan munang magpalaki ang tulad ko. Hindi lang naman sa pisikal, alam ko iyon. Kundi sa karanasan.

“Puwede rin ba akong maging sundalo kahit...” hindi ko na itinuloy sa halip sinagot na niya ang tanong ko ‘kahit tinatawag akong bakla.’

“Kahit sino naman ah, maaaring maging sundalo.”

“Bakit ka nga ba naging sundalo?” Ang tanong na iyon ang naghatid ng kanyang tingin sa malayo.

“Dahil sa tatay ko.”

At ang sagot na iyon ang tumangay naman upang sundan ang paningin niyang tinatanaw ang kalaparan ng bukid.

Tila isang prusisyon kasama ng kanilang mga alagang kalabaw na hila-hila ang guyuran, habang nakasakay ang inaantok na paslit. Buhat-buhat ng kalalakihan ang ilang basket ng saging, sako-sakong mais at iba pang ani mula sa bukid. Ang ilan ay may bitbit na panggatong, iyong mga nanay, may

dala-dalang buslo na may prutas at gulay.

“Hindi ba sila iyong parang painting sa libro ng Araling Panlipunan?”  
Naitanong kong tila humihingi ng opinyon sa katabing sundalo.

Nakamasid lang siya. Siguro ganoon talaga kapag laking-siyudad. Kung laking-Maynila. Siguro sa pelikula lang niya napapanood ang grupo ng mga magsasaka na sabay-sabay tumatawid sa makipot at palikong-likong daan pauwi sa kani-kanilang mga tahanan bago madatnan ng curfew.

Tumayo siya. Binati ang dumadaang mga tao sa kubo. May nagbigay ng pagbati. May nagbigay ng ngiti. Ngunit karamihan ay tuluy-tuloy lang ang paglalakad ni hindi umimik hanggang sa makalayo.

Dito namin madalas pinagmamasdan ang mga mambubukid na pauwi tuwing dapithapon. Magkasinkulay ang lupa at kanilang mga balat sa buong maghapon ibinilad sa gitna ng sakahan. Nakasukbit sa beywang ang kanilang sundang. Kailan kaya nila itataas upang masilip ng papalubog na araw bago ito tuluyang maglaho sa kanluran?

Muli kong nabanggit sa kanya ang sunud-sunod na pamimintang ng mga sundalo sa taga-baryo. Rebelde ang tawag sa sinumang mahuhuli sa curfew, sa mga pagpupulong sa gitna ng sakahan, sa mga itinatatag na samahan ng mga magsasaka. Ilan sa mga hinaing ng mga taga-baryo, wala na silang maramdamang katahimikan dahil sa patuloy na pananakot sa kanilang *yutang kabilin* o ang kanilang lupang minana. Ang karamihan sa kanilang mga lupang ninuno ay pinasok ng plantasyon, pagla-logging, minahan, pagtatayo ng subdibisyon, golf course at iba pang sinasabing pagpa-paunlad sa aming baranggay. Ngunit ang lahat nang ito ay naging dahilan ng pang-aabuso sa karapatan at pagpapawalang-bisa sa pamamahala bilang gahum o kapangyarihan nila sa kanilang tribu.

“Nitibo ang minsang tawag sa kanila. Sila ang mga lumad.”

“Ikaw? Lumad ka rin ba?”

Sinundan ko uli ang kanyang tingin. Hindi ko alam kung ano ang isasagot o kung tama nga ba ang nasa aking isipan. “Hindi kasi kami taal na taga-rito. Lumad man ako o hindi, ang mahalaga namumuhay kami sa iisang baryo. Parang lahat tayo Pilipino na bumubuo sa bansang Pilipinas.”

Napangiti siya.

“May isang kanta ang mga taga-Mindanao.” Pahayag ko at pinakawalan ang liriko.

Mindanao, Mindanao,/ dili angay sa mga langyaw/ Mindanao, Mindanao,/ ang bahandi ayaw ipakawhaw...

Nakamasid lang siya sa aking mga mata. Napalitan ng isang palaisipan ang pagkamangha nang makita ang mga dumaang lumad kanina sa nais pakahulugan ng kanta.

\*\*\*

Iyong mga sundalo sa AFP ay sumailalim kaya sa isang awareness program? Upang hindi lang giyera ang nasa isip nila kundi ang kapakanan din ng kapwa Pilipino. Ilan kaya ang gusto nilang patayin? May mga nakalista ba kayong mga pangalan? Naitanong ko ito minsan sa kanya.

Humarap ang sundalo sa akin. Napangiti siya bago nagsimulang magsalaysay. Iyong ngiti na parang magbubukas ng paboritong libro o kaya nobela. Mas mahaba pa kahit pagsama-samahin ang anim na ilog mula Pulangi hanggang Cotabato at mas malawak pa sa natatanaw naming sakahan ang kaguluhan dito sa Mindanao. Binalikan niya sa panahon ni Marcos. At isa rin ito sa problemang hinarap ng administrasyong Aquino ang pagkalat ng vigilante groups lalo na sa Visayas at Mindanao. At hanggang ngayon sa panahon ni Erap.

“Sanggol ka pa yata nang bumagsak ang diktaduryang Marcos sa makasaysayang 1986 People Power Revolution?” Baling niya sa akin.

“Isang buwan pa lang ako noon.” Tugon ko na naghihintay pa ng ilang detalye sa kanyang ikukuwento.

Ang nakakalungkot nga lang sa sinasabing “vigilante justice”, naging biktima nito ang mga inosenteng sibilyan, mga magsasaka, human rights advocates, mga pari at madre, mambabatas, mga nasa media, peryodista, at iba pang kinatawan o grupo na ipinaglalaman ang land reform at pagtuligsa sa pagkakaroon ng American base sa teritoryo sa Pinas.

Kasagsagan ng negosasyon sa pagitan ng ating gobyerno at NPA, isa sa gumalantang na retrato sa mga pahayagan noong Abril 1987, ang isang grupo ng mga Pilipino na may hawak na bolo. Sa larawan, hawak nila ang pugot na ulo. Ayon sa balita, miyembro ng NPA ang pinugutan. Ang grupong ito ay tinatawag na Tadtad, sila ang mga anti-communist vigilante.

“Alam mo ba kung sino-sino ang nag-aaway-away rito sa Mindanao?” Parang nais niyang ilebel sa aking edad ang pagtatanong.

“Wala namang nag-aaway-away rito, nanggugulo siguro.” Direktang sagot ko.

Tila nagtilad siya ng isang librong pangkasaysaysan. Ang mga Muslim na karamihan sa komunidad ay matatagpuan sa pinakatimog na bahagi ng Kamindanawan partikular ang lalawigan ng Maguindanao, Lanao del Sur, Sulu, at Tawi-tawi. Sumunod naman ang mga immigrant settlers mula sa ibang isla ng Pinas, ang mga Kristiyano na nakabili ng malalawak na lupain, o sabihin na nating silang mga mayayaman na kabilang sa mga maykayang pamilya at lalo na mga politiko at ang huli, ang mga Lumad. Dahil sa malawakang kahirapan, pagkakaiba-iba ng relihiyon, ng pinaninindigan, umusbong ang NPA, ang MNLF ni Mur Misuari, ang MILF at iba pa kasama na ang mga vigilante groups. At kadalasan, sa gitna ng kaguluhuan kundi man pinapanigan ng AFP ang mga Kristiyano at may-kapang-yarihang politiko, naiipit ang ibang grupo sa giyera tulad ng mga Lumad.

“Sino ang kaaway?” Naguluhan ako.

Napabuntong-hininga na lang ang sundalo na tila hinamon ang ihip ng dumaang hangin sa kubo. “Bakit ka nga ba napadaan sa barracks kahapon?” Muli niya akong inusisa.

“May itatanong lang sana.”

“Ano yun?”

“Kung ilan na ang napatay mo.”

Napailing ang kausap kong sundalo.

“Bakit ba pag sundalo, pumapatay agad ng tao?”

“May baril ka eh. Para sa’n nga ba ang baril?”

“Proteksiyon. Sa mga sibilyan. Sa iyo.” Pumungay ang kanyang mga mata nang banggitin ang huling kataga.

Kunwari hindi ko siya tinitingnan. “Parang isang mapa. Parang mga isla.” Abala ang hintuturo ko sa pagsuyod sa bawat kurba at linya sa kanyang fatigue uniform. Hulaan mo kung ano ang isusulat ko.” Gumapang uli ang aking daliri.

“M...?” Nag-isip siya.

Itinuloy ko pa.



“I...”

Napangiti ako.

“N. Mindanao.”

Umiling ako.

“E, ano. Ituloy mo,” pangungulit niya.

Binilisan ko ang paglalaro ng aking hintuturo sa kanyang uniform.  
“Parang alon ng dagat. Parang palutang-lutang na ulap. Parang puso.”

“Napakalawak ng imahinasyon mo.” Nakatitig na siya sa aking mga mata.

“O parang bakas ng dugo.”

Pinigilan niya ang aking mga kamay. Niyakap niya ako.

“Pwede ba akong sumama sa iyo, maging sundalo?”

“Ayan ka na naman... Isang mahabang usapan na naman ito.”

“Bakit? Dahil ba...”

“Tama na...” Tila nakutuban na niya ang kasunod na salita. Iyong pati sarili ko, pinandirihan ko kapag binabanggit ko iyon. Isa sa mga salitang isinusumpa ko. “Basta sa susunod wag ka na lang dumaan sa barracks. Papasyalan na lang kita sa inyo o kaya magkikita tayo uli dito.”

Idinikit ko pa ang aking katawan sa kanyang braso. Nagyayayang yakapin pa ako ng sundalo. Nasamyong aking pisngi ang kanyang mabalahibong dibdib. Ang init ng kanyang mga bisig na sintigas ng M16. Kumapit ako ng mas mariin. Na tila may nais akong imapa sa kanyang katawan, nais ikubli at nais pakawalan. Kasinggaspang man ng talahib ang suot niyang fatigue. Ngunit naibabalangkas ko roon ang tinatawag nilang pag-ibig.

## ***Excerpt mula sa Diksiyonaryo-Gabay sa mga Gawa ni Berry Manansala, mulang “Cabron, Ara” hanggang “Cultext”***

---

U Z. Eliserio

### **CABRON, ARA**

Sa QUEZON CITY ng taong 2666, na pinasadahan ng Katipunan sa *Ang Kaharian ng mga Engkantado*, natagpuan ni KALI ESCRIBA ang isang post-it na nakadikit sa monitor ng huling computer sa mundo. Sabi rito, “Binabangungot mo ang isang babaeng nasa Laguna. Ang pangalan n’ya ay Ara.” Tatalon pa ulit sa panahon ang Katipunan bago nila maengkwentro ang clone na ito, na sa taong 2766 ay isa nang bangkay. Sa nobelang *Pahayag* ni BERRY MANANSALA, inilarawan kung paanong ikinasal si Ara Cabron sa siyentistang si RANDY MUGTO. Sa pagbabasa ng mga flashback, flashforward, at sideways flash, matatanto ng mambabasa na likha ni Dr. Mugto si Ara, isang test tube baby ang orihinal na kopya. Lumaki ito nang itinuturing na ama si Dr. Mugto, hanggang isang araw ay bumukod na rin at nagsarili. Pagkatapos ng isang dekada ng pagkakahiwalay, bumalik si Ara sa Laguna, kung saan ikinumpisal niya ang kanyang pagmamahal sa kanyang lumikha. Tumanda at namatay si Ara, at sa kanyang lungkot at pangungulila, lumikha si Dr. Mugto ng clone ng asawa. Isa lang ang bilin niya sa ikalang Ara, na wag nitong pupuntahan ang musoleo sa kanilang basement. Nasa DNA ang curiosidad, sa unang pagkakataon pumuslit si Ara sa muselo, kung saan niya natagpuan ang bangkay ng kanyang pinagmulan. Hindi matanggap na clone siya, nabaliw ang pangalawang Ara at mabilis ding namatay. Hindi makaya ang dalamhati, muli na namang gumawa ng kopya si Dr. Mugto. Paulit-ulit ang nangyayari sa mga Ara. Makakatakas ang isa sa kanila, at ang Ara na ito ang magtatayo ng KULTO NG GULO.

Sa *Melon Drama*, matutuklasan ng mambabasa na isa lamang sa mga posibleng maging kinabukasan ng mundo ni Patricio ang mundo ni Ara. Ang sakit na kumalat sa mundo mula sa KARTERO, kapitolyo ng LUPAIN NG MGA LAMANLUPA, at tumama sa Pilipinas ay papakalat pa lang sa panahon ni Ara. Sila Patricio mismo, sa kanilang pagliligtas sa iba't ibang myembro ng ANGKAN NI KRISTO na bumubura at nagsusulat sa mga PAHINA ng AKLAT NG SANSINUKOB.

### **CAFE CHOG**

Isa sa mga legal na negosyo ng lider-sindikatong si MARIO ORLANDO. Kalat ang mga branch sa BAYANG MALAYO. Itinanghal na pinakamalinis ang sa CALOOCAN. May local branch nito sa LUPAIN NG MGA LAMANLUPA.

### **CAFETERIA**

Kainan sa loob ng dambuhalang headquarters ng COMPANIA DE MERCADO. Dito madalas magkita ang mga myembro ng DEMONYO NG COMPANIA.

### **CAGAYAN DE ORO**

Isa sa pinakamaunlad na lungsod sa Mindanao. Kontrolado ng mga death squad ni MARIO ORLANDO.

### **CAGAYAN VALLEY**

Bayan kung saan maraming PAWIS, dito naligaw si KRAMER KRAMER. Naging minero dito si CLARO RECTO ESPEJO.

### **CAIN, LINO**

Ang bunso ng MAGKAKAPATID NA CAIN. Ang nagtaksil kay JOKER CAMUA, gamit ang CAMERAT. Isa sa kanyang mga kapatid ang pumatay sa kanya sa pamamagitan ng paglibing ng punyal sa kanyang likod. Naubusan siya ng dugo sa kalagitnaan ng QUEZON AVENUE. Isa sa mga saksi ng kanyang kamatayan (pero hindi ang pagsaksak sa kanya) si JULIA MADIOGA.

## CAMERAT

Espesyal na uri ng BIOROBOT. Hindi kailangang daga para maging Camerat, pero lahat ng Camerat, nagiging espiya.

## CAMP JOHN THE BASSIST

Ubod ng sosyal na Camp sa BAGUIO, paboritong bakasyunan ng mga burukrata-kapitalista at panginoong may lupa, at PANGINOONG LAMANLUPA. Mababa ang pasahod dito, at wala ngang unyon ang mga trabahador hanggang iorganisa sila ni CLARO RECTO ESPEJO.

Magkasamang sinunog ni Gabby at ng kanyang dating karibal na si KANTA SUN ang Camp.

## CAMUA, JOKER

Kilala rin bilang Jaker (dahil sa kanyang mga “jakes”), si Joker ang bunsong kapatid ni Paul Camua. Drug addict at patapon, minsan nang sinubukan ni Joker na maging vigilante. Mala-ROBIN HOOD ang kanyang napiling persona, nagnanakaw mula sa mga hari at reyna ng BAYANG MALAYO para ibigay sa mga mahirap. Sa *Melon Drama*, inilarawan kung paano siya nag-training sa SECOND THOMAS SHOAL, kasama ang Ate nila ni Paul na si MARIAN CAMUA. Samantalang bumalik sa Bayang Malayo si Joker, nagpaiwan naman si Marian sa Shoal at nag-asawa ng PUTI.

Maingat sa gamit si Joker, lalo na sa mga sapatos.

Nagkunwari si MARIO ORLANDO na papatayin niya si Joker pag hindi sinabi ni Paul ang lahat nang nalalaman tungkol sa AKLAT NG SAN-SINUKOB, pero nang aminin ni Paul na wala siyang pakialam sa kapatid, inilahad ni Mario na ilang araw nang patay si Joker. Sa nobelang *Sampung mga Daliri*, nag-showdown ang vigilante at ang goons ni Mario sa MRT - BUENDIA STATION, kung saan nahuli si Joker. Sa *Korporasyon* inilarawan kung paano tinorture si Joker. Paulit-ulit na nilublob ang ulo niya sa BUTAS NA MALAKI.

Sa Shoal, naging guro ni Joker si LUKE TALYER, na sa simula’y ayaw pa siyang turuan. Habol nang habol si Joker sa mga misyon ni Luke, madalas pa nga siyang sagabal. Pero nang minsang makatulong si Joker sa pag-disarm ng bomba ng LA BAMBANG (initsa niya ito sa malayo nang magkamali si Luke sa pagputol ng wire), tinanggap na rin ni Luke na mas kaunt-

ing pinsala ang maidudulot ni Joker kung opisyal niya itong estudyante. Idineklara ni Luke na tapos na ang training ni Joker nang nagkamali ulit ito sa pagputol ng wire ng bomba sa DAKWEBA, isang motel kung saan madalas dinadala ng mga puti ang mga TAGASIRA, at nasabugan silang pareho. Naputulan ng binti si Luke, samantalang sunog naman ang kaliwang pisngi ni Joker.

Bago piliing maging vigilante, at bago maging addict sa droga, sinubukan munang maging propesyunal na mananayaw ni Joker nang bumalik siya sa Bayang Malayo. Partner niya sa tango ang babaeng kilala lang bilang BOWLA, platonic friend, at lahat halos ng kompetisyon sa pagsasayaw ay sinasalihan nila. Ang kaso, nakakalaban lagi nila ang kapatid ni Luke na si GEORGE TALYER at ang fiancee nitong si IMA LAYER. Bagaman mas magaling si Joker at Ima, sa hindi maipaliwanag na dahilan, laging nanalo sina George at Bowla. Dahil dito, nalulong sa droga ang magpartner sa tango. Pero isang araw ay dumating ang isang email mula kay Marian. Iniwan pala ito ng asawang puti, at ikinuwento kay Joker kung paanong wala itong pambili ng gatas para sa kambal na anak. Puno ng galit dahil sa pang-aapi ng mga makapangyarihan sa kapatid, at sa pang-aapi ng mga makapangyarihan sa mga maliit, may syringe pang nakaturok sa braso, nagdesisyon si Joker na maging vigilante.

Halos limot na lahat ng itinuro sa kanya ni Luke, nagpunta si Joker sa SAGADA, sa HAGDANG-HAGDANG PALAYAN. Doon siya nag-training sa ilalim ni KAPITAN EDMUND DANTE, na nakilala niya sa Shoal. Bukod sa pagiging fitness trainer, si Dante rin ang supplier ng protein powder ni Joker. Dahil kay Dante, lumaki ang glamour muscles ni Joker. Sa isang inuman, inilahad ni Joker na inabuso siya noong bata siya, at hindi niya alam kung ang kuya niyang si Paul o ang ibang barkada nito ang maysala. Inilahad naman ni Dante na kaya siya umalis sa Shoal at nagretiro mula sa militar ay dahil ginahasa siya ng isang admiral. Kinaumagahan, binawi ng dalawa ang kwento nila sa isa't isa, sinabing pawang kasinungalingan ang kanilang mga kumpisal. Sumumpa sila sa isa't isa na hindi na gagamitin nang padalos-dalos ang panggagahasa, dahil “hindi ito joke.”

Ilan sa mga nakaharap ni Joker na supervillain, sa loob at labas ng Bayang Malayo, ay sina MAL SALVAGE, BOSE SHLEK, at BUKTOT DIABLO.

Sa kanyang pakikipaglaban sa pang-aapi, naging kasangga ni Joker

ang MAGKAKAPATID NA CAIN, sina Barry, John, Lino, Abel, Eva, at Georgia. Pero habang sumisikat si Joker sa social media, at nagsisimulang magbenta ng t-shirt na may mukha niya, at nagkaroon siya ng fans at co-splayers, walang pumansin sa kontribusyon ng magkakapatid. Si LINO CAIN ang nakipag-deal kay Mario Orlando para mabitag si Joker sa MRT - Buendia Station.

Ang hindi alam ni Paul, kinidnap pala ni Mario ang nanay at tatay nila: sina G. AT GNG. CAMUA. Pinanood ni Joker ihulog sa bulkan ang kanyang mga magulang sa pamamagitan ng Butas na Malaki. Ang bulkang iyon din ang huling hantungan ni Joker, bagaman pinatay na siya bago siya ihulog sa lava. Alam ni Gabby Lamang ang lahat nang ito, dahil nagpapanggap siya noon bilang GUHO DIMAGIBA, deep uncover sa sindikato ni Mario. Hindi sinasabi ni Gabby ang katotohanan kay Paul, dahil alam niyang madudurog ang puso nito.

### **CAMUA, MARIAN**

Ang huling nabubuhay na kamag-anak ni PAUL CAMUA. May anak na kambal. Niloko, binuntis, pinaasa, saka iniwan ng isang PUTI.

### **CAMUA, PAUL**

Isang bisexual, kuya ni JOKER CAMUA. Asawa-ama ni JACQUELINE KAWABATA. Sa kanilang unang monthsary, nag-date si Paul at Jacqueline sa HOTEL PORNIA.

Minsan nang naka-mexican stand off ni Gabby dahil sa pagturing sa kanya bilang “panakip butas.” Lagi niyang ginagamit ang kapangyarihang humigop ng TAWAG para kidlatan ang kanyang mga kaaway, estratehiyang tinawag ni Gabby bilang “predictable.” Nang matutunan ni Paul mula kay TREJO BIKINI kung paano tawagin ang MOTORSIKLO NI HUDAS, nagdesisyon siyang agawin ang pagiging Supremo ng Katipunan mula sa kaibigan. Isa sa mga naging manipestasyon ng kanyang pagtatangka ay ang pagtulak na gawing myembro ng Katipunan si SERGIO BUHO habang may quorum pero wala si Gabby. Natalo ang kanyang mosyon.

Ilang beses ding naaresto sa INTERNATIONAL SPACE STATION - DESNAY dahil overpriced ang mga binebentang pills. Madalas nababalian ng buto dahil sa hilig sa iba't ibang uri ng tradisyonal na laro, tu-

lad ng sepak takraw. Mahilig sa adventure, mangilang beses nang tumakbo si Paul sa PAPLONA, kung saan siya hinabol ng mga KABAYONG SEKRETARYA.

Hindi niya alam na pinatay ni MARIO ORLANDO ang kanyang mga magulang, akala niya’y ang patapon niyang kapatid lang na si JOKER CAMUA ang naging biktima ng lider-sindikato. Iniligtas ni Paul ang buhay ng halos wala nang dugong si HOMBRE LECHE, na natagpuan niya sa ABU ROAD. Dinala niya ito sa ospital kahit wala siyang motibasyon.

Nakipag-threesome minsan kina JULIA MADIOGA at KALI ESCRIBA. Gusto niyang ulitin ang experience.

## **CANNIBAL**

Halos lahat ng bayan, sa LUPAIN man o sa ITAAS, mayroong komunidad ng cannibal.

## **CANTA, ALTHEA**

Niyaya ni Althea na sumayaw si HAPON KAWABATA sa piging sa BAGUIO, na kinaasar ng Reynang si MIKA P. ROSTRO.

## **CENSOR**

Binabaybay din bilang “Cencor,” grupo ito ng mga indibidwal na walang ibang nais kundi ang pagsakop sa bawat lungsod sa daigdig ng tao, sa paniniwalang kailangan ito para sa paparating na digmaan sa pagitian ng mga tao at ng LUPAIN NG MGA LAMANLUPA. Bata pa lamang ang HARI NG KAMAO ay gusto na nila siyang patayin. Dalawa sa mga kilalang myembro nito’y si YEWUN at si GEMMA RED, parehong sinunog nang buhay ni Gabby. Noong huling bahagi ng 2019, sinakop ng mga pwersa ng Censor ang bayan ng KATAYAN nang walang putukang nagaganap.

## **CENTAUR**

Mga nilalang na kabayo ang pambaba at tao ang pangtaas.

## **CESAR BINATA EMERGENCY ROOM**

Ang pinakasosyal na kwarto sa OSPITAL SIPILIS. Dito natipuhan

ni ALIEN 12 ang pagong na ginawa niyang BIOROBOT.

### **CHAIN SAW**

Sa kanyang utos sa mga alipores, specific na binanggit ni NINANG DONYA na ang sandatang ito ang gamitin para pugutan ng ulo si DEGREE CALVIN.

### **CHARLIE**

Lungsod na ipinangalan sa dakilang bayaning si CHARLIE IBA, mistulang war zone ang Charlie dahil sa pambobomba ng mga clone sa lahat ng itinuturing nilang mababang uri ng nilalang, i.e. lahat ng hindi clone. Dahil sa genocide na ito, halos dalawang Palestino na lamang ang natitira sa Charlie.

### **CHAVANNES, SKEAT**

Aktor. Katulad ng kasa-kasamang si TIMOTHY COANGCO, tinitis niyang gumamit ng isang salita lamang bilang pangalan, kahit usong-uso ito.

### **CLARK**

Isa sa mga lugar kung saan nag-tryst si MARIO ORLANDO at KALI ESCRIBA. Dito nagtago ang teroristang mag-amang sina DAISY DAGA at CERES DAGA, ang dalawang huling nakakaalam ng tunay na identidad ng PILANDOK. Vibrant ang art scene sa Clark, lalo na para sa mga mananayaw.

Nagkaroon ng ZOMBIE infestation sa Clark, pero ipinagtanggol ni BENIGNO DAGUNDONG ang mga mamamayan sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ng kulog.

Pira-pirasong ikinuwento ang pag-besiege at pagsakop sa lungsod na ito ng hukbo ng CENSOR sa mga nobelang *Feasting Yawa*, *Melon Drama*, *Korporasyon*, at *Ang Kaharian ng mga Engkanto*. Eksaktong alas otso ng umaga itinaas ng mayor ng Clark ang puting bandali na nagsi-signify ng pagsuko niya sa lungsod.

Bilang lider ng hukbo ng Censor nang sakupin ang bayan, si JUAN



MAKINA ang nagsisilbing gobernador-heneral ng Clark, bago ito binomba ni KRISTINA JAYA mula sa langit. Crater lang ang natira, at mga refugee na walang matakbuhan dahil naroon ang gera, saan man sila magpunta.

Sa kinabukasang malayo, sa sosyalistang utopia, muling bubuuin ang lungsod ng Clark bilang pagpapaalala na mas mabuti ang pag-ibig kaysa karahasan.

## COANGCO, TIMOTHY

Isang aktor, gumanap siya bilang Bwakaw sa dulang *Spoiled!* ni JORDAN NICOLAS. Naaresto ang buong troupe sa unang guerrilla performance nila sa NATIONAL MUSEUM. Nanlaban silang lahat bilang protesta sa pasistang gobyerno. Nahataw ng batuta sa mukha si Timothy, pero mas lalo lang siyang gumwapo sa sanhi nitong pagkabali ng kanyang ilong.

Ang hindi alam ng mga kasama niya sa teatro, CANNIBAL si Timothy. Sinisirekto niya ito, at hindi siya kumakain ng tao pag nasa QUEZON CITY. Pero kada taon, nagsa-summer vacation siya sa MUNTING RUSYA, at doon siya naglalantak sa laman ng kapwa. Sa kanyang pagpapahinga lagi niyang kasama ang kapwa aktor na si SKEAT CHAVANNES, na kapwa cannibal din.

Isang tag-araw, habang naglalakad ang dalawa sa pinakamagandang dalampasigan ng Munting Rusya, nakakita sila ng sanggol. Uha ito nang uha. “Ako dapat ang makakain nito kasi ako ang unang nakatanaw,” sabi ni Timothy.

“Ako ang dapat kasi ako ang unang nakarinig sa mga iyak niya,” sagot naman ni Skeat. Nagtalo nang nagtalo ang dalawa hanggang sa tumigil sa pag-uha ang sanggol. Nang usisain nila, natuklasan nilang wala na pala itong buhay.

“Ako ang dapat na makakain sa kanya kasi ako ang unang nakapansin na hindi na siya umiiyak,” sabi ni Timothy.

“Ako dapat, kasi ako ang unang nakaamoy.” Nagpatuloy sila sa pagtatalo hanggang may dumating na malakas na alon. Isang saglit lang at nawala ang bangkay. Magbabati na sana sila at magpapatuloy sa paglalakad nang ibinalik ng dagat ang sanggol.

“O, ayon, ako na ang may hawak,” sabi ni Timothy. Isinayaw-sayaw niya ito. “Dibs!”

“Alam mo, mas mabuti pa maghanap tayo ng mas matalino sa atin para magdesisyon kung ano ang dapat nating gawin.” Ito na lang ang naisip ni Skeat, kasi alam niyang hindi niya maaagaw kay Timothy ang sanggol. Mula nang mabatuta ay nagwo-work out na kasi ito sa gym, naging spor-nosexual na.

“Sige, sabi nila may Hari daw dito sa Rusya.” Nagtanong sila sa ilang matandang Rusyan at itinuro naman sila ng mga ito sa isang isla na kailangan pang mang-arkila ng bangka para lang marating. “Munting Rusya” din daw ang pangalan nito, sabi ng matandang mangingisda na naghatid sa kanila. Sa isang kubo sa gitna ng isla natagpuan nila si ANRIL SOLOMON, na may hawak na bolo at suot-suot na korona. Mabilis na ipinaliwanag ni Timothy ang sitwasyon nila.

“Ako po talaga ang unang nakakita,” sabi ni Skeat.

“Ako po ang may hawak,” sabi ni Timothy.

“Mabuti at nagpunta kayo rito. Tunay nga akong patas at walang kinikilingan. Kaya nga ako hari.” Nagtinga si Anril Solomon gamit ang bolo. “Bueno, magdedesisyon ako para sa inyong dalawa, sa isang kundisyon. Kailangan, kahit sa tingin n’yo, lugi, susunod kayo sa magiging desisyon ko.”

Pumayag ang dalawa.

“Isa lang ang solusyon,” sabi ni Anril Solomon, “hahatiin ko ang bata sa gitna para magkakuha kayo ng pantay na piraso.”

Nagsimulang umiyak ang sanggol. Ibang sanggol pala ang ibinalik sa kanila ng dagat, iba sa sanggol na namatay sa dalampasigan at kinuha ng alon.

Ibinaba ni Anril Solomon ang bolo, pero hindi pantay na pantay ang pagkakahati niya sa sanggol.

“Akin ang kaliwang bahagi!” sigaw ni Timothy. Malakas ang kumpyansa niya sa kanyang sarili, dahil alam niyang siya ang nasa tama. Hula niya, sinadya ng hari ang maling pagtagpas.

“Madaya, halatang mas malaki o, dibdib pa lang halata na.” Nagsimulang magdabog si Skeat.

“Para kayong mga bata,” sabi ni Anril Solomon. Tinapyasan niya ang bangkay. “O ayan, pantay na.”

“E, hindi,” sabi ni Timothy, “ngayon sa kanya naman ang mas malaki.”

Tumapyas ulit si Anril Solomon at paulit-ulit ang naging pagtatalo ng dalawa. Sa huli, naubos lang din ni Anril Solomon ang katawan ng sanggol. “At least,” sabi ng hari, “ang kinalabasan, patas.”

## **COMPANIA DE FAGIN**

Gumagamit ng child laborers, mga hypnotist ang mayorya ng Board of Directors ng Compania de Fagin. Sa popular na pananalita, alam ng mga ordinaryong mamamayan ng BAYANG MALAYO na pag sinabing “Compania,” ang tinutukoy ay ang COMPANIA DE MERCADO, na mas malaki at mas makapangyarihan sa Compania de Fagin, na pag tinutukoy ng isang nagsasalita’y kailangang tawagin nang buong pangalan. Tradisyon sa mga CEO ng Compania de Fagin na mag-order ng TAGASIRA sa kanilang opisina, kahit di naman sila nakikipagtalik dito. Para i-solidify ang mga monopolyo nito, balak ng Compania de Fagin na i-hostile takeover ang ORLANDO AND FRIENDS CORPORATION.

## **COMPANIA DE HALAMAN**

Multinational conglomerate na nag-eeksperimento sa mga “taong gawa sa laman.” Kahit ganito ang pangalan nila, marami silang empleyado at VP na hindi naman TAONG HALAMAN.

## **COMPANIA DE MERCADO**

Ang Compania de Mercado ay mass media empire na birtwal na nag-monopolya sa pamamahayag, kultura, at sining ng BAYANG MALAYO mula pang kabataan hanggang tumanda si Gabby Lamang. Maraming subsidiary sa ibang industriya. Isang conglomerate, mayroon din silang commercial logging at mining activities sa iba’t ibang bansa, kasama na ang BRAZIL at INDIA. Gumagamit ng shell companies para magtago ng pera. Illegal na ini-x-ray ng Compania ang sinomang pumapasok sa kanilang headquarters.

Binomba ng teroristang grupong LA BAMBANG sa pamumuno ni BEN ZAYB ang headquarters ng Compania noong Hunyo 12, 2020.

Malaki ang naging papel ng Compania sa nobelang *Ang Kaharian ng mga Engkanto*. Inilarawan dito ang pagtatangka ni Gabby na ma-produce ang pelikulang *Sa mga Kuko ng Liwanag, Part 2: Resbak sa Chinatown*, na

tungkol sa pagsugod ng angkan Madiaga sa mga tambay sa iskinita na pumatay kay Julio. Para magkaroon ng hype, ikinalat ni Gabby sa social media ang tsismis na si F. Sionil Jose, pambansang alagad ng sining, ang di-umano'y nagsulat ng screenplay.

Pagkatapos mabomba ang headquarters, nagsimula ang Compania ng root and branch na pagdidistrungka sa unyon ng mga mamamahayag, artista, at iba pang cultural worker na itinuturing nilang front ng La Bamba. Katakot-takot ang sinesante, hinarass, nakatanggap ng death threat, finorce leave without pay, finorce retirement, at, sa kaso ng tatlong lider-union, pinapaslang. Bagaman hindi miyembro ng unyon, sinubukan ni Gabby na itago si HAPON KAWABATA, lider-union at kanyang kababata, mula sa goons ng Compania. Sa isang madugong labanan na naganap sa PALACIO DE MALACANANG sa pagitan ng goons ng Compania at ng nirentahang PRIVATE ARMY FOR HIRE ni Hapon, at iba pang hukbong namumuhi sa Compania, pinanood ni Gabby, mula sa isang panic room, kung paanong sumuko pero binaril pa rin ang kanyang kaibigan. Dalawang taon pagkatapos, pumutok ang isang insider trading scandal na nagpabagsak ng status at nagpahina ng monopolyo ng Compania. Nadawit ang pangalan ni Hapon at iginiit ng mga testigo na isa siya sa mga lider-union na tumatanggap ng suhol mula sa management. Nag-imbestiga si Gabby para linisin ang pangalan ng kaibigan, pero natuklasan niyang totoo pala ang mga paratang. Puno ng hinanakit at sama ng loob ang puso, ibinenta ni Gabby ang screenplay ng *Resbak sa Chinatown*, na siya naman talaga ang sumulat, sa halagang 10,000 piso, na noong ikalawang dekada ng ika-21 siglo'y malaki-laki na rin. Dumaan ito sa dalawang rewrites bago naluwal bilang pelikulang direct to DVD. Ibinenta rin ito VOD sa Internet, at may di-kilalang pirata ang nag-upload ng kabuuan nito sa YouTube.

Ilan sa mga naging CEO ng Compania ay si HEROD KANTA, na namatay di-umano dahil sa atake sa puso, at si ULAN LAMANG, na huling namataang nakikipaglaban kay CHARLIE IBA sa VINLUAN HIGH.

## **CORN GOD**

Bagaman sinasabing ubos na ang ANGKAN NI KRISTO, inubos di-umano ng nilalang na kilala lamang bilang PILANDOK, sa totoo'y marami pa ring miyembro ng Angkan ang buhay. Iyon nga lang, buang na ang karamihan sa kanila, at ang iba nama'y masyadong malungkot o galit

o takot para maging epektibong diyos. Isa na rito ang Corn God, na hindi umaalis sa teritoryo niyang MAIS MAZE sa DUBLIN. Malungkot ang Corn God, laging lonely, at sinomang mabitag sa kanyang Maze ay hindi makakawala nang hindi nagbibigay ng alay... alay ng buhay.

## **CULTEXT**

Binaggit nang pahapyaw sa *Basagulero* at *Ang Awit ng Pag-ibig*, ang Cultext ay maliit na komunidad kung saan di-umano'y libre ang pagkain at tirahan sa lahat ng payag magbungkal ng lupa nito. Matatagpuan ang kanilang lupa sa hilaga ng SUBIC.

*This work was funded by the UP System Enhanced Creative Work and Research Grant (ECWRG-2015-2-026)*

# Mga Alitaptap sa North Avenue

---

Rijel Reyes

**S**inilip ko ang alitaptap sa pagitan ng mga palad.  
*Liliwanag.*  
*Didilim.*

Unang beses ko siyang nakita sa malaking bukid sa dulo ng Mindanao Avenue Extension. Nadadaan kapag galing o papuntang Quezon City Memorial Circle at Monumento. Halos katapat lang ‘to ng SM North na mas kilala pa dati bilang SM West. Nakatalikod sa amin ang mga billboard ng mga pelikula nina Bong Revilla Jr., Cindy Rothrock, Machete na ginagampanan ni Gardo Versoza, action film ni Robin Padilla, at iilang pelikulang bomba. Halos nakaguhit pa lahat ng billboard tulad ng karamihang poster sa mga independent theaters.

Pasaglit-saglit tinatakpan ng mga ulap ang hugis-ngiting buwan. Kumikindat-kindat ang mga bituin. Gusto na kaming pauwiin ng mga kuliglig. May mga asong tumatahol sa kalauyan.

Dumating ang iba pang bata. May dalang sari-sariling garapon.

Umihip ang isang malamig na hangin. Sumayaw ang mga kumpol ng kawayan. Nakisali ang eucalyptus. Nasuklay ang mga talahib.

*Liliwanag.*

*Didilim.*

“Tulungan mo naman ako manghuli ng alitaptap,” sabi ng batang bae.

Pinanood ko siyang hulihin ang isang alitaptap gamit ang dalawang kamay. Inuulit-ulit niya ang ginagawa. Unti-unting lumalayo ang mga kislap.

“Wag ka kasi maingay. Paisa-isa lang. Panoorin mo muna sila.”

Tumingin siya sa ‘kin. Huminto siya sa ginagawa. Saka siya mabagal na naglakad palayo, papunta sa mas maraming kislap.

“Gamitin mo ‘yung isa mong kamay saka ‘yung garapon.”

“Gagamitin ko ‘yung isa kong kamay saka garapon. Tama!”

May alitaptap. Tahimik siyang nagmasid. Naghabol siya ng tingin. Si-nusubukan niyang hulaan kung saan lalabas ang susunod na kislap.

Huli.

Sinara niya ang garapon.

“Gusto ko pa ng isa.”

Inulit niya ... at inulit ... at inulit.

“Salamat,” sabi ng batang babae.

Nag-aalikabok ang lupa sa pagtakbo niya papunta sa mga bahay-bahay na barong-barong.

Kung ako man ‘yung nilingon niya bago siya maglaho sa dilim, hindi ko na nalaman.

*Liliwanag.*

*Didilim.*

Magtatakip-silim. Isa’t kalahating dekada na ang lumipas. Kung saan ulit kami nagtagpo, ni hindi ko matandaan kung bakit at kung paano ako nakatulog. Basta may bigla na lang mga yabag ng paakyat at pababa ng hagdan. Pagsampal ng tsinelas sa talampakan at sakong. Paglabas ng hangin pagpreno ng tren. Tunog na naghuhudyat ng pagbukas ng pinto ng mga bagon. Takbuhan. Pag-ikot ng roller ng makinang lumulunok ng ticket. Pagsupot ng biniling doughnut. Pagkalukot ng isang plastic cup. Malakas na pag-ubo.

*Last station. North Avenue Station.*

Pagtili ng isang babaeng muntikan madulas. Pag-iyak ng isang bata. Kaskas ng gitara ng gitaristang bulag sa may overpass. Pagsigaw ng Mandalay, Novaliches Bayan, ng mga kundoktor. Businahan ng mga sasakyan.

Businahan. Businahan. At marami pang businahan.

“Okay ka lang? Namumutla ka.”

Kaming dalawa lang ang nakaupo sa bench katapat ng pintuan ng tren. Hawak niya ang cellphone sa isang kamay at may kendi naman sa kabila na akmang ibibigay sa ‘kin.

Naka-navy blue na palda at puting blouse na may lambda. Kaeskuwela ko. Morena. Mas mababa lang nang kaunti sa braso ang buhok. Hinawi niya ang buhok kaya nakita kong may tatlong hikaw siya sa kanang tenga. Nasa pagitan ng pango at matangos ang kanyang iling. May maliliit na balahibong pusa sa itaas ng labi.

Tinanong niya kung kumain na ‘ko. Hindi pa ‘ka ko kahit almusal. Tumanggi ako nang ayain niya ‘kong kumain sa may mobile mamihan sa baba ng istasyon. Una, pamasaha na lang ang meron ako, at pangalawa, nakakahiya. Kakakilala ko lang sa kanya. *Ulit.*

Sa huli, napilit niya rin akong sumama sa kanya. Kung bakit siya desididong ilibre ako, papangunahan ko na ‘tong kuwento kung sasabihin ko na kaagad sa inyo.

Dalisay Daya ang pangalan niya. Isay na lang daw ang itawag ko sa kanya.

Kakaibang kaming dalawa pa lang ang nasa mamihan. ‘Yung mga tao, sa tusok-tusok sa malapit dumidiskarte. Pagkatapos kami hainan ni manong mami, matagal niya ring tinitigan si Isay. Tinitigan ang mami sa tapat namin na parang hindi ‘to makapaniwalang may kasama siyang ulikbang matangkad.

“Saan ka umuuwi?” tanong niya, mahina ang boses, pagkatapos niyang lagyan ng hot sauce at magtaktak ng paminta sa mami.

Humihigop na ‘ko ng sabaw. Tinuro ko ang gawing likuran ng Trinoma, katapat ng Landmark, kung saan tinatayo ang ilang bagong gusali ng Avida. Agad ko ring binawi.

“Ay sa ano pala, sa Nayong Kanluran. Sa may West Ave, malapit sa Delta.”

Ngumiti siya. “Bakit parang hindi ka sure?” Hindi siya tumitingin sa ‘kin.

Pinaliwanag ko kay Isay na nakasanayan kong ituro kung saan ang dating haybol. Naikuwento kong kasama kami sa maraming pamilyang na-



dislocate nang ma-demolish ang squatters area na pinagtitirikan na ngayon ng mga bagong gusali para maging condo unit ng mga maykaya.

“Taga-squatters na nag-aaral sa private university?” pabiro niyang tanong. Nakatingin sa lanyard at ID na nakasabit sa ‘kin.

“Stereotype,” sabi ko. “Ilan kaming iskolar ni congressman. ‘Yung mga medyo matataas na grade nu’ng hayskul, kinukuha niyang iskolar basta mamimintena ‘yung mga grade.”

“Ta’s ‘pag nakatapos kayo, kukunin kayong alila,” tumawa siya. Sumubo ng noodles.

Ilang ulit pang subo bago siya magtanong ulit.

“Nanghuhuli ka ba ng alitaptap dati du’n? tinuro niya ang nasa likuran ng TriNoma. Alam ko ‘yun, malamang. Bukid pa dati bago gawing open parking ng mall. Katapat ng Veteran’s Golf Club. Kaso ngayon, wala na ring parking. Binubungkal na ang lupa para patayuan ng bagong gusali, o extension ata ng TriNoma.

Tumango ako. “Lahat naman ata kami sa looban trip ‘yun dati.”

“Taga du’n din ako dati. Pero isang beses lang ako nanghuli ng alitaptap. Hindi kasi ‘ko pinapayagan lumabas pag gabi na. Tumakas lang ako nu’n. Pag-uwi ko nga, pinagpapalo pa ‘ko ng mama ng walis,” hinawakan niya ng dalawang kamay ang mangkok at hinigop ang natitirang sabaw. “Namumukhaan kita, eh. Kaya lumapit din ako sa ‘yo kanina.”

Nagpalagay pa siya ng sabaw kay manong mami.

“Ikaw saan ka umuwi?” tanong ko.

“Magkalapit lang tayo. Sa may Baler lang ako. Du’n sa may Shell. Stoplight.”

“Sabay na tayo niyan?”

“Ubusin ko muna ‘to, okay lang?”

Nagpanggap lang pala na may pera. Nilibre ako ng mami pero wala na siyang pang-uwi. Sabi ko, sumakay na kami ng pa-Quiapo na jeep at sagot ko na ang bayad niya. Sasabit na lang ako pero ayaw. Maglakad na lang daw kami hanggang Baler. Saka na lang ako sumakay mula ru’n. Bahala na ‘ka ko. Lakad kung lakad. Pambawi ko na rin sa kanya para sa meryenda.

Tulad ko, third year college na si Isay. Journalism sa Unibersidad Sa Tubig. Ako, CommArts. Mantakin niyong hindi kami nagkita kahit isang beses sa loob ng halos tatlong taon?

Galing siyang Taft Avenue, sa Visprint Publishing, dahil du'n ginanap ang isang session ng Fiction Writing Clinic sa ilalim ng nobelistang si Oreo Ayala. Kung minsan daw sa UST, kung minsan sa Mang Inasal, kung minsan sa KFC, kung minsan kung saan man abutan.

Ako raw, saan galing. Galing 'ka kong Makati. Nag-walk-in sa mga BPO companies para mag-apply bilang CSR o TSR. Bakit aniya. Mawawala na 'ka ko 'yung scholarship ko. Hindi ako nakaabot sa required grade ng scho-program ni cong. Matagal na kung tutuusin. Nadadaan ko lang sa pakiusap. Ito, natuluyan na.

Tatal nakatapos naman ng hayskul at nakapagkolehiyo, babatakin ko na lang ang katawan para sa paspasang trabaho at aral nang sabay. Sastre ang tatay, modista ang nanay, ayaw nila ng mananahing anak.

Medyo ilang pa 'ko kaya hindi ako gaano matanong tungkol sa kanya.

“So, anong gusto mo mangyari sa life?” bigla niyang naitanong.

“Gusto ko lang maging maykaya. ‘Yung makaraos. Kapag nakaraos na, saka ko na pag-iisipan kung ano ulit gusto kong mangyari.”

“Good answer,” nagbuntong hininga si Isay. “Ako, I want to be a writer. Obviously. Pero naglalakad pa 'ko sa pagitan ng dalawang bangin.”

Gusto ko sanang tanungin kung anong ibig niya sabihin pero nagkusa rin siya na parang nababasa kung anong nasa isip ko.

“Dito, as a fictionist,” tinuro niya ang dinadaan ko. “Dito as an essayist. O CNF. Creative Non-Fictionist,” tinuro niya ang nilalakaran niya. “The reason, boring. Next time na lang.”

Hindi pa rin siya tumitingin sa 'kin nang diretso. May pasulyap-sulyap pero parang may tinitingnan siyang iba sa likuran ko kapag nagagawi ang mukha niya sa direksyon ko. Parang may hinahanap. Parang nag-iingat.

Pareho kaming hindi nagsalita pag'tapos nu'n.

Mahabang patlang.

“Uy, dito na 'ko, ha?” kumanan siya sa may Shell, pababa ng Baler. Sumulyap siya saglit at tumingin sa mga mata ko. Ngumiti at nagpasalamat. Ganu'n din ako.

Sumigaw ako. “Gusto mo ihatid kita hanggang sa inyo?”

Lumungon ulit siya. Tumingin sa paligid. Umiling at naglakad palayo na parang hindi kami nag-usap tungkol sa mga kurot ng parte ng kabataan at pagsilip nang kaunti sa kinabukasan.

Ilang jeep na biyaheng pa-Quiapo, Kalaw, Pier ang lumampas pero hindi ako sumakay. Hindi ko rin alam kung bakit. Naglakad ako. Naglakad nang naglakad.

Alam niyo ‘yung pakiramdam na may mali? Lagi naman, di ba? Madalas alam nating may mali. Pero hindi natin alam kung ano.

Ito, alam ko. At atin-atin lang ‘to. Marami-rami rin akong nalalaman tungkol kay Isay sa tuwing nagkakasama kami. Minsan hindi ko maintindihan kung bakit kailangang kaming dalawa lang palagi, okay rin namang kasama si Isay. Good okay o bad okay? Medyo nasa good side naman.

Isa pang napansin ko tuwing magkikita kami, para akong laging second option. Ang first choice, pag-aaral. Pero siya na lang nagsabi nu’n. Madalas pagkatapos ng research papers, ng write-ups para sa major subjects, projects ng minor subjects, o kaya wala siyang makasamang mga kaklase, saka lang niya ‘ko inaaya. Hindi ko rin naman mahindian.

Balik tayo sa nasabi kong kaming dalawa lang palagi. Nagawa niyang dalhin ako sa paborito niyang mga kanto at eski-eskinita. Sampol, sa Maynila, tuwing natataon na pareho kaming ginabi, nagpapasama siya lagi sa ‘kin sa madidilim at madalas walang taong lugar sa palibot ng UST.

Sa kanto ng Alfredo, sa Dapitan, kunwari. Hindi naman sa walang tao pero mangilan-ngilan lang ang nagagawi sa kalye magmula nang mag-sara ang Almer’s na may unlimited gravy kapag umorder ka ng prito o sizzling ulam. Gabi. Requirement ata ‘yun. Kailangan gabi. Mga bandang a las otso hanggang a las nuebe. Sa ilalim ng malasapot ng gagambang mga kable ng kuryente ng Alfredo, naikuwento niya sa ‘kin ang tungkol sa mga lalaking nakasama niya sa kama.

“Virgin ka ba?” tanong niya sa ‘kin. “Mas gusto ko ‘yung virgin. Alam mo kung bakit? Kasi gusto ko mas dominante ako. I want control. Kapag kasi marunong na, well, paano kung sadista pala? Tapos ayaw mo nu’n? At saka mas intense ‘yung mga amateur, don’t you think?”

“Pa’no mo nasabi?” kinuha ko ang sigarilyo kay Isay at huminitit.

Nang malaman kong gusto na palang tumigil ni Isay manigarilyo. Pero nahihirapan siyang bitawan ang bisyo sa tuwing lalabas na ng UST.

Nagboluntaryo akong tulungan siya. Wag ‘ka ko siyang sisindi hangga’t wala ako. At kapag kasama na niya ‘ko, magsasalitan kami ng hitit. Kahit papaano, makakalahati ko ang sanang isang stick ng yosi, o higit pa, na uupusin niya.

“Experience,” kinuha niya sa ‘kin ang sigarilyo at kumindat. “Apat na beses pa lang naman. ‘Yung una ko, Indian, eh. 5-6. Si Fah Tush. May utang kasi ‘yung nanay ko du’n. E, araw-araw na kaming ginugulo, tinatakot na kukunin ‘yung paninda niya sa palengke, kinausap ko. Sabi ko ‘My pussy as payment.’ Tumawa. They don’t accept stale fish daw. Sabi ko. ‘I’m a virgin.’ Nag-iba bigla ‘yung mukha. Nakipagbulungan muna kay Singh Taba, kasama niya. Tapos biglang sila na raw bahala sa lugar. Papakilala daw niya ‘ko kay Gandhi. Pagdating du’n sa tinutuluyan nila, na mukhang hindi kanila, nakigamit lang, ayos din naman. Biglang sabay silang nagbaba ng pantalon. So, ayun. Nakilala ko si Gandhi... saka si Nehru.”

“Hindi ka nagsumbong?”

Tumawa si Isay.

“Why? Tell me. After that, hindi na nila kami ginulo. Ang simple-simple ng kapalit. Nagdudugong kiki lang naman at puwit.”

“Eh, ‘yung iba?”

“Si Petrob Supot. Virgin. Kalbo na taga sa ‘min du’n sa Project 7. Bagong lipat dati. Niligawan ako. Eh, ayoko ng boyfriend. Kung sex, sex lang. Ayoko na ng kaartehan. Saka may kailangan siya sa ‘kin, may kailangan ako sa kanya. Bigyan niya ‘ko. Pera, relos, bahala siya. Basta bigay muna... ‘Yung huli si Baldo. Kababata ko. Baka kilala mo pa. Siya ‘yung laging nakikipag-away sa looban?”

“Pamilyar. ‘Yung mataba? Kamukha ni Damulag sa Doraemon?”

“Oo. Parang kabayo sa laki pero sobrang bilis naman lumabas ng dila. Fucker ‘yun, eh. Nilasing lang ako nu’n.”

Huling hitit na ng sigarilyo. Sinagad niya hanggang filter. Humarap siya sa ‘kin at nilapit ang mukha.

“Ano? Virgin ka ba?” ngumiti si Isay. Dahan-dahang binuga ang usok sa pagitan ng mga mukha namin. “Sagot.”

Tumango ako. Marahan akong hinalikan.

Mula nu’n, gusto ko na lang siyang laging samahan.

“Samahan mo na ‘ko! Kailangan ko ng setting. Kailangan kong mag-ocular!” Madalas niyang dahilan kapag gusto na naman niyang pumunta sa mga lugar na hindi naman talaga niya madalas puntahan. Pina-panood ni Isay kung anong ginagawa ng mga tao. Pinapakinggan kung anong mga tunog ang meron du’n. Inaamoy kung ano mang nakahalo sa hangin.

Linggo ng gabi. Dinala niya ‘ko sa Paramount—bungad ng West Ave, kanto ng EDSA, isang overpass ang distansya sa SM North at TriNoma, nandu’n ‘yung office ng isang istasyon ng radyo.

Malapit na ang Semana Santa. Bawas na ang tindero’t tindera—ng mga pantali ng buhok, cellphone protector, peke at nakaw na cellphone, dirty chicken, pantalon, t-shirt, jersey, sigarilyo, candy—sa sidewalk at overpass. Nakababa na ang steeldoors ng mga sanglaan. May iilang bumaba at umaakyat ng overpass. May iilang nag-aabang ng bus. May iilang taxi ang hanap. May iilang parang hindi alam kung saan sisibat.

“Bakit ba dito?”

“North Avenue is my setting,” hindi na naman siya tumitingin sa ‘kin.

“Bakit?”

“Roots. Ugat. Kahit anong gawin ko, lumaki ako sa looban. Naging masaya rin naman ako du’n kahit pa’no. May naalala tuloy ako,” humithit si Isay.

Bigla akong kinabahan.

“Nu’ng nasa looban ako, ang nagbabantay talaga sa ‘kin, ‘yung lola ko. Kasi tulog hanggang tanghali si nanay. You know... ‘yun. Tapos ayaw na ayaw akong palabasin ni lola, as in, hatid-sundo ako sa eskuwelahan. Pinaga-aaral lang talaga ako sa loob ng bahay. Pero kapag Friday naman o kaya weekends, pinapayagan ako mag-piko o agawan base, 7-Up, mga ganu’n, di ba? Okay naman pero mas madalas nga ako mag-isa. Kaya naglalaro rin akong mag-isa.

